

UNANG LINGGO NG ADBIYENTO

Salteryo: Linggo 1 / (Ube)

Salmo 72:1-2, 7-8, 12-13, 17

*Mabubuhay s'yang marangal
at sasagana kailanman.*



Martes
01 DISYEMBRE

Unang Pagbasa: Isaias 11:1-10*

Uusbong ang isang supling sa tuod ni Jese, at mamumunga ang isang sanga mula sa kanyang mga ugat – mananatili sa kanya ang Espiritu ni Yawe, espiritu ng karunungan at pang-unawa, espiritu ng pagpapayo at lakas, espiritu ng pagkakilala at pitagan kay Yawe.

Hahatol siya di ayon sa panlabas na anyo, magpapasya di ayon sa mga sabi-sabi. Sa katarunga'y huhukuman niya ang mga dukha, sa pagkamatuwid ay magpapasya para sa mga aba. Salita niya'y pamalo sa maniniil, hininga niya'y pamatay sa masasama.

(...) Magkasamang mabubuhay ang tupa at ang asong-gubat, mahihigang katabi ng batang kambing ang leopardo. Manginginain ang guya, katabi ng batang leon, at isang munting bata ang aakay sa mga iyon.

Ang baka at ang oso ay magkasamang manginginain, at ang mga anak nila'y magkatabing mahihiga. Kakain ng dayami ang leon na tulad ng baka, maglalaro ang pasusuhiang sanggol sa lungga ng mga kobra, at isusuot ng munting bata ang kanyang kamay sa pugad ng mga ahas.

(...) Sa araw na iyon, ang Ugat ni Jese ay itataas bilang isang tanda sa mga bansa. Darating ang mga bayan sa paghahanap sa kanya, at tatatanyag ang kanyang tahanan.

Ebanghelyo: Lucas 10:21-24

Nang sandaling iyo'y nag-umapaw sa galak sa Espiritu Santo si Jesus at sinabi niya: "Pinupuri kita, Ama, Panginoon ng langit at lupa, dahil inilihim mo ang mga bagay na ito sa marurunong at matatalino, at ipinamulat mo naman sa maliit. Oo, Ama, naging kalugud-lugod ito sa iyo. Ipinagkatiwala sa akin ng aking Ama ang lahat. Walang nakakakilala kung sino ang Anak kundi ang Ama, at kung sino ang Ama kundi ang Anak at ang sinumang gustuhing pagbunyagan ng Anak."

Pagkatapos ay bumaling si Jesus sa mga alagad at sinabi sa kanila nang sarilinan: "Mapalad ang mga matang nakakakita ng inyong nakikita. Sinasabi ko sa inyo na maraming propeta at hari ang nagnais makita ang inyong nakikita pero hindi nila nakita, at marinig ang inyong naririnig pero hindi nila narinig."

Pagmamasiid

May kilala ka bang hindi itinuturing na matalino, ngunit may karunungan ang payo niya?

Paghahawi

"Pinupuri kita, Ama, Panginoon ng langit at lupa, dahil inilihim mo ang mga bagay na ito sa marurunong at matatalino, at ipinamulat mo naman sa maliit."

Pagtatabas

Isa ba ako sa nagpapahayag ng Mabuting Balita na may mababang-loob at bukas sa gabay ng Espiritu Santo?

Pagsasaayos

Hindi palaging husay sa salita ang sukatan ng tagapagdala ng Mabuting Balita. Mas mahalaga ang pusong bukas sa Espiritu Santo. Sa katahimikan at kababaang-loob, pinili ng Diyos si San Jose—mula sa lahi ni Jese—upang alagaan si Jesus. Mula sa ugat ni Jese lumago ang bagong pag-asa, at sa buhay ni Jose nasaksihan ang katuparan nito. Tulad nina Papa Francisco at Papa Leo XIV, na nananatiling mapagpakumbaba sa gitna ng talino, ang tunay na karunungan ay bunga ng pakikinig sa Espiritu.

Ngayong Adbiyento, inaanyayahan tayong maghintay gaya nina Jesse at Jose—may tiwala, pananampalataya, at pusong handang tumanggap sa pagdating ng Mesiyas.

Pagdiriwang

Ama, tulungan Niyo kaming laging manawagan sa Espiritu Santo nang may mababang-loob bago at habang nagbabahagi kami ng Inyong mga salita sa aming kapwa.



Unang Pagbasa: Isaías 25:6-10a

Ebanghelyo: Mateo 15:29-37

Umalis doon si Jesus at pumunta sa pampang ng lawa ng Galilea, at pagka-akyat sa burol ay naupo. Maraming tao ang lumapit sa kanya, dala-dala ang mga pipi, bulag, pilay, mga may kapansanan, at mga taong may iba't ibang karamdaman. Inilagay sila ng mga tao sa paanan ni Jesus, at pinagaling niya sila. Kaya namangha ang lahat nang makita nilang nagsasalita ang mga pipi, lumalakad ang mga pilay, gumagaling ang mga may kapansanan at nakakakita ang mga bulag; kaya pinuri nila ang Diyos ng Israel.

Tinawag ni Jesus ang kanyang mga alagad at sinabi sa kanila: "Labis akong naaawa sa mga taong ito, pangatlong araw ko na silang kasama at wala na silang makain. Ayaw kong paalisin silang gutom at baka mahilo sila sa daan." Sinabi ng mga alagad sa kanya: "At saan naman tayo hahanap ng sapat na tinapay sa ilang na ito para ipakain sa mga taong iyan?" Sinabi ni Jesus sa kanila: "Ilan bang tinapay meron kayo?" Sumagot sila: "Pito, at kaunting maliliit na isda."

Pinaupo ni Jesus sa lupa ang mga tao, kinuha niya ang pitong tinapay at ang maliliit na isda, at nagpasalamat sa Diyos. Hinati-hati niya ang mga ito at ibinigay sa kanyang mga alagad, at ibinigay rin nila sa mga tao.

Kumain silang lahat at nabusog at inipon ang mga natirang pira-piraso – pitong punong bayong.

SACERDOTAL ANNIVERSARY:

Rev. Fr. Anthony Q. Carreon, CMF | Rev. Fr. Rowil S. Remo, ESHT

Pagmamasid

Naranasan mo na ba ang awa ng kapwa sa gitna ng matinding gutom at kawalan ng perang pambili?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus sa mga alagad: "Labis akong naaawa sa mga taong ito, pangatlong araw ko na silang kasama, at wala na silang makain."... Pinaupo ni Jesus sa lupa ang mga tao, kinuha niya ang pitong tinapay at ang maliliit na isda, at nagpasalamat sa Diyos. Hinati-hati niya ang mga ito, at ibinigay sa kanyang mga alagad, at ibinigay rin nila sa mga tao.

Pagtatabas

Bukas ba tayo sa awa ng Diyos, at handang magbahagi sa kapwa sa panahon ng kakulangan?

Pagsasaayos

Matuto tayong magsikap at maghanapbuhay sa tapat na paraan, upang may makain at maibahagi. Ngunit hindi lahat ng bagay napanghahawakan, kaya kailangan ang panalangin at pagtitiwala sa awa ng Diyos. Sa Ebanghelyo, pinakain ni Jesus ang karamihan—hindi lamang bilang himala kundi bilang tanda ng malasakit ng Diyos Ama.

Habang hinihintay ang pagdating ng Panginoon, inaanyayahan tayong maging daluyan ng Kanyang awa. Sapat ang biyayang kaloob ng Diyos kapag bukas ang puso sa pagbabahagi. Sa panahon ng paghihintay, matutong magtiwala, magdasal, at magmahal tulad ni Jesus na laging nagpapakain sa nagugutom.

Pagdiriwang

Ama, salamat sa Inyong awa at habag. Hindi man kami karapat-dapat, patuloy Niyo pa rin kaming pinagkakalooban at ginagabayan.

UNANG LINGGO NG ADBIYENTO

Salteryo: Linggo 1 / (Puti)

San Francisco Javier

Salmo 118:1 at 8-9, 19-21, 25-27a

*Pinapala'y dumarating
sa ngalan ng Poon natin.*



Huwebes
03 DISYEMBRE

Unang Pagbasa: Isaias 26:1-6

Sa araw na iyon, kakantahin ang awit na ito sa lupain ng Juda: "Mayroon kaming malakas na lunsod; siya mismo ang nagtayo niyon para tayo'y ipagtanggol; may mga pader at tanggulang matibay.

Buksan ang mga pintuan! Papasukin ang matuwid na bansa, ang matatag sa katapatan.

Pinananatili mo sa kapayapaan ang may pusong matapat na sa iyo'y nananalig.

Laging manalig kay Yawe pagkat si Yawe, si Yawe ang Bato sa lahat ng panahon.

Ibinababa niya ang nasa itaas, ibinabag-sak ang matayog na siyudad, ginigiba, winawasak at iginuguho sa alabok.

At doon iyo'y pinagtatapakan ng mga dukha, sa mga hakbang ng mga sinisiil.

Ebanghelyo: Mateo 7:21, 24-27

Hindi lahat ng nagsasabi sa akin ng 'Panginoon! Panginoon!' ay papasok sa kaharian ng Langit kundi ang nagsasagawa sa kalooban ng Diyos ang siyang papasok sa kaharian ng Langit.

Kaya kung may nakikinig sa mga salita ko at sumusunod dito, matutulad siya sa isang matalinong nagtayo ng bahay sa batuhan. Bumagyo at bumaha ang ilog at humangin nang malakas, ngunit hindi nagiba ang bahay sapagkat itinayo ito sa batuhan. At ang sinumang nakakarinig sa aking mga salita at hindi nagsasagawa nito, matutulad siya sa isang hangal na nagtayo ng bahay sa buhangin. Bumagyo at bumaha ang ilog at humangin nang malakas, at bumagsak ang bahay at kay laking kapahamakan!

BIRTHDAY: Rev. Fr. Sander D. Niez

SACERDOTAL ANNIVERSARY:

Rev. Fr. Jose Peregrino V. Tomas | Rev. Fr. Adrian E. Lazo

PARISH FIESTA: St. Francis Xavier Parish

DATE OF ESTABLISHMENT: 1992, St. Francis Xavier Parish

Pagmamasiid

May kilala ka bang tao na hindi ginagawa ang kanilang payo sa iba?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus: "Hindi lahat ng nagsasabi sa akin ng 'Panginoon! Panginoon!', papasok sa kaharian ng Langit, kundi ang nagsasagawa sa kalooban ng Diyos ang siyang papasok sa kaharian ng Langit. Kaya kung may nakikinig sa mga salita ko, at sumusunod dito, matutulad siya sa isang matalinong nagtayo ng bahay sa batuhan."

Pagtatabas

Buhay ba ang aking pananampalataya? Ako ba ang taong nakabatay ang pananampalataya sa pagsimba, nobena, at debosyon, ngunit hindi makatao sa kapwa?

Pagsasaayos

Hindi kalugod-lugod sa Diyos ang pang-aapi, pagmamataas, at paninirang-puri. Ayon sa Santiago 2:26, "Patay ang pananampalatayang walang gawa." Sa Ebanghelyo, tinawag ni Jesus na marunong ang taong hindi lang nakikinig kundi nagsasagawa ng Kanyang salita.

Ngayong Adbiyento, hinahamon tayong magtayo ng buhay sa matibay na pundasyon—ang pagsunod. Tulad ni San Francisco Javier, hindi lamang siya nagturo kundi naglakbay, naglingkod, at nagmahal. Buhay ang kanyang pananampalataya. Sa panahon ng paghahanda, matutong kumilos, magmahal, at mamuhay ayon sa salita ng Diyos, upang masalubong si Kristo nang may pananampalatayang totoo.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, tulungan Niyo kaming maisagawa ang kalooban ng Diyos at maging kalugod-lugod sa Kanyang kaharian.



UNANG LINGGO NG ADBIYENTO

Salteryo: Linggo 1 / (Ube/Puti)

San Juan ng Damasco

Salmo 27:1, 4, 13-14

*Panginoò'y aking tanglaw,
siya'y aking kaligtasan.*

Unang Pagbasa: Isaías 29:17-24

Talagang sa loob nga lamang ng napaka-ikling panahon, ang Lebano'y magiging matabang lupain, at ang matabang lupa'y magiging gubat.

Sa araw na iyon, maririnig ng bingi ang mga salita ng aklat, at mula sa dilim ay makakakita ang mga mata ng mga bulag.

Muling magagalak kay Yawe ang aba, at liligaya sa Banal ng Israel ang mga dukha.

Pagkat mawawala na ang malupit, maglalaho na ang mangungutya, at lilipulin ang lahat ng masama: ang sumasaksi ng mali laban sa kapwa, ang naglalagay ng bitag sa hukuman, ang nagpapalayas sa mga nasa katuwiran.

Kaya ito ang sinasabi ni Yaweng tumubos kay Abraham tungkol sa sambahayan ni Jacob: Mula ngayo'y hindi na mapapahiya si Jacob, hindi na siya pamumutlaan ng mukha.

Kapag nakita niya ang gawa ng aking mga kamay: ang pag-uwi ng kanyang mga anak sa kanyang lupain, ipahahayag nilang banal ang aking Pangalan, ipahahayag nilang banal ang Banal ng Jacob, at ipagpipitagan ang Diyos ng Israel.

Makauunawa ang naligaw na espiritu; at makikinig sa turo ang puna nang puna.

Ebanghelyo: Mateo 9:27-31

Pag-alis ni Jesus sa lugar na iyon, sumunod sa kanya ang dalawang bulag na lalaki na sumisigaw: "Anak ni David, tulungan mo kami!" Pagdating niya sa bahay, inabutan siya ng mga bulag at sinabi ni Jesus sa kanila: "Naniniwala ba kayo na may kapangyarihan ako para gawin ang gusto ninyong mangyari?" At sumagot sila: "Oo, Ginoo!"

Hinipo ni Jesus ang kanilang mga mata at sinabi: "Mangyari sa inyo ang inyong paniwala." At nabuksan ang kanilang mga mata. Mahigpit naman silang tinagubilinan ni Jesus: "Mag-ingat kayo at huwag sabihin ito kanino man." Ngunit pagkaalis nila, ipinahayag nila siya sa buong bayan.

Pagmamasad

Ano ang nararamdaman mo kapag hindi naibibigay ng mahal mo sa buhay ang hiling mo?

Paghahawi

Tanong ni Jesus sa dalawang bulag: "Naniniwala ba kayo na may kapangyarihan ako para gawin ang gusto ninyong mangyari?" Sumagot sila: "Oo, Ginoo!" Hinipo ni Jesus ang kanilang mga mata at sinabi: "Mangyari sa inyo ang inyong paniwala." Nabuksan ang kanilang mga mata.

Pagtatabas

Kapag nananalangin tayo, naniniwala ba tayong mangyayari ang ating mga hinihiling sa Panginoon? Umaasa ba tayong ipagkakaloob Niya ito ayon sa ating hiling?

Pagsasaayos

Karaniwang malungkot tayo kapag ang ating hiling hindi naibibigay sa atin. Maaaring naibigay na ng Diyos ang ating kahilingan, hindi sa ating paraan, nguni't sa Kanyang paraan at pagkakataon. Ibinibigay ng Panginoon ang ating kahilingan ayon sa Kanyang nais, dahil iyon ang lalong makabubuti sa atin. Maaring hindi ayon ito sa ating kagustuhan.

Ngayong Adbiyento, inaanyayahan tayong maghintay nang may tiwala. Kailangan lamang maging bukas tayo at manalig tayong naririnig Niya ang hibik ng ating puso. Tulad ni San Juan ng Damasco, na hindi bumitiw sa pananampalataya sa gitna ng kadiliman, matutong magpasalamat kahit hindi agad nauunawaan ang tugon ng Diyos.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, tibayan Niyo ang aming pagtitiwala at pananalig sa Inyong salita at kapangyarihan.

UNANG LINGGO NG ADBIYENTO

Salteryo: Linggo 1 / (Ube)

Salmo 147:1-2, 3-4, 5-6

Mapalad ang umaasa
sa Panginoon tuwina.



Unang Pagbasa:

Isaias 30:19-21, 23-26*

Mga taga-Sion na nasa Jerusalem, hindang-hindi na kayo iiyak; tiyak na magma-magandang-loob siya sa inyong pagdaing; at sasagutin kayo pagkarinig niya sa inyo. Matapos kayong bigyan ng Panginoon ng tinapay ng paghihirap at ng tubig ng kapighatian, hindi magtatago ang guro ninyo, at makikita siya ng inyong mga mata. Lumiko ka man sa kanan o sa kaliwa, maririnig ng iyong tainga ang kanyang mga salita sa iyong likuran: "Ito ang daan, dito ka lumakad."

(...) Sa araw na iyon ng matinding patayan, ng pagguho ng mga muog, aagos ang tubig sa lahat ng matataas na bundok at lahat ng matatayog na burol. Kapag binendahan ni Yawe ang mga sugat ng kanyang bayan at ginamot ang mga pasa ng kanyang paghampas, magliliwanag ang buwan na parang araw, magniningning ang sikat ng araw nang makapito – tulad ng liwanag ng pitong araw.

Ebanghelyo: Mateo 9:35—10:1, 5a, 6-8

At nilibot ni Jesus ang mga bayan at mga nayon; nagtuturo siya sa kanilang mga sinagoga, nagpapahayag ng Mabuting Balita ng Kaharian at nagpapagaling ng lahat ng sakit at karamdaman. Nang makita niya ang makapal na tao, naawa siya sa kanila sapagkat hirap sila at lupaypay na parang mga tupang walang pastol. At sinabi niya sa kanyang mga alagad: "Marami nga ang aanihin at kakaunti naman ang mga manggagawa. Idalangin ninyo sa panginoon ng ani na magpadala siya ng mga manggagawa sa kanyang ani."

Tinawag ni Jesus ang labindalawa niyang alagad at binigyan sila ng kapangyarihan sa maruruming espiritu para palayasin ang mga ito at pagalingin ang lahat ng sakit at karamdaman. Sinugo ni Jesus ang labindalawang ito at pinagbilinan: Hanapin ninyo ang nawawalang tupa ng sambayanan ng Israel.

Ipahayag ang mensaheng ito sa inyong paglalakbay: 'Palapit na ang kaharian ng Langit.' Pagalingin ang maysakit, buhayin ang patay, linisin ang mga mayketong at palayasin ang mga demonyo. Tinanggap ninyo ito nang walang bayad kaya ibigay rin ninyo nang walang bayad.

SACERDOTAL ANNIVERSARY:

Rev. Fr. Ross C. Dela Cruz, SSCC | Rev. Fr. Arnil Gijan Carbon, CP | Rev. Fr. Marvin G. Riquez

Pagmamasisid

Sa sakahan, palaisdaan, kumpanya, o pagawaan, may pagkakataon na marami ang dapat na gawain, ngunit kulang ang may kakayahang gumawa.

Paghahawi

Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad: "Marami ang aanihin, at kakaunti ang mga manggagawa. Idalangin ninyo sa Panginoon ng ani na magpadala siya ng mga manggagawa sa kanyang ani... Tinanggap ninyo ito nang walang bayad, kaya ibigay rin ninyo nang walang bayad."

Pagtatabas

Isa ba ako na may nais, panahon. at kakayahang mag-ani sa maraming aanihin para sa Diyos?

Pagsasaayos

Bukod sa pangangailangang materyal, marami ang nauuhaw sa salita ng nagbibigay pag-asa, liwanag, at galak sa puso. Sa Ebanghelyo, nilibot ni Jesus ang mga bayan, nagturo, at nagpagaling—dala ang habag ng Diyos.

Habang hinihintay ang liwanag ng Mesiyas, tinatawag tayong maging kasangkapan ng Kanyang pagmamahal. Tulad ng mga alagad, inaanyayahang maglingkod, magpagaling, at magpalakas ng loob. Si Jesus ang liwanag na isinugo ng Ama; tungkulin nating ilapit Siya sa iba. Sa salita, gawa, at tahimik na pagkalinga, maipadama sana ang pagdating ng Diyos sa puso ng mga naghihintay, naghahanap, at nasasaktan.

Pagdiriwang

Ama, gabayan Niyo kami sa aming gampanin bilang manggagawa sa Inyong ani. Bigyan Niyo kami ng katapatan, kakayahan, at lakas sa misyon na ito.




Ebanghelyo: Marcos 1:1-8

Ito ang simula ng Ebanghelyo (o Magandang Balita) ni Jesucristo, Anak ng Diyos.

Nasusulat sa Propeta Isaias: *"Ipinadadala ko ngayon ang aking sugo na mauuna sa iyo para ayusin ang iyong daan. Naririnig ang sigaw sa disyerto: 'Ihanda ang daan para sa Panginoon, ituwid ang kanyang landas.'"*

Kaya may nagbibinyag sa disyerto – si Juan – at ipinahahayag niya ang binyag na may kasamang pagsisisi para sa kapatawaran ng mga kasalanan. Nagpuntahan sa kanya ang lahat ng taga-Judea at mga naninirahan sa Jerusalem. Inamin nila ang kanilang mga kasalanan at bininyagan sila ni Juan sa Ilog Jordan.

May balabal na balahibong-kamelyo at pang-ibabang damit na katad si Juan, at mga balang at pulot-pukyutang-gubat ang kinakain. At ito ang sinabi niya sa kanyang pangangaral: "Parating na kasunod ko ang gagawa nang higit pa sa akin. Hindi nga ako karapat-dapat yumuko para magkalag ng tali ng kanyang panyapak. Sa tubig ko kayo bininyagan, at sa Espiritu Santo naman niya kayo bibinyagan."



"Ihanda ang daan para sa Panginoon, ituwid ang kanyang landas."

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Emmanuel C. Vallega, O. Carm

Pagmamasisi

Sa gitna ng abala sa araw-araw, may panahon ba tayo upang pagnilayan ang ating espirituwal na kalagayan?

Paghahawi

Pangaral ni Juan Bautista: "Magbalik-loob kayo sa Diyos at magpabinyag, upang kayo'y patawarin sa inyong mga kasalanan.

Pagtatabas

Tumutugon ba tayo sa panawagan ni Juan Bautista?

Pagsasaayos

Paanyaya sa paghahanda ng puso ang mensahe ni Juan Bautista. Hindi sapat ang panlabas na kilos, sapagkat sa loob nagsisimula ang tunay na pagbabalik-loob.

Ngayong Ikalawang Linggo ng Adbiyento, hinahamon tayong magsisi, magpatawad, at mamuhay nang tapat sa Diyos. Sa gitna ng abala, inaanyayahang maghandog ng buhay na bukas sa presensya ni Jesus—hindi lamang tuwing Pasko, kundi sa bawat araw. Tulad ni Juan Bautista, matutong magpakumbaba, magsalita ng katotohanan, at maghanda ng daan sa puso ng kapwa. Sa ganitong paraan, darating si Kristo hindi lamang sa sabsaban, kundi sa buhay ng bawat taong naghihintay.

Pagdiriwang

Ama, turuan mo po akong maging mapagpakumbaba at mamuhay ng tapat sa iyo. Amen.



IKA-2 LINGGO NG ADBIYENTO

Salteryo: Linggo 2 / (Puti)

San Ambrosio

Salmo 85:9ab at 10, 11-12, 13-14

Ang Poong Diyos ay darating
upang tayo ay tubusin.

Unang Pagbasa: Isaías 35:1-10

Ebanghelyo: Lucas 5:17-26

Isang araw, nagtuturo siya at nakaupo naman ang mga Pariseo at mga guro ng Batas na galing sa iba't ibang bayan ng Galilea at Judea at mula sa Jerusalem. Gumagawa ang kapangyarihan ng Panginoon sa kanya na magpagaling. May mga lalaking dumating na dala sa isang papag ang isang lalaking paralitiko. Sinikap nilang dalhin siya at ilagay sa harapan ni Jesus.

Nang hindi nila makita kung paano nila madadala ang paralitiko dahil sa dami ng tao, umakyat sila sa bubungan at sa bubong nila siya idinaan pababa na nasa kanyang papag hanggang sa gitna sa harap ni Jesus.

Nang makita niya ang kanilang pananalig, sinabi niya: "Kaibigan, pinatawad ka sa iyong mga kasalanan." Nagsimula noong mag-isip-isip ang mga guro ng Batas at mga Pariseo:

"Talagang iniinsulto ng taong ito ang Diyos. Sino ba ang may kapangyarihang magpatawad ng mga kasalanan? Di ba't ang Diyos lamang?"

Ngunit alam ni Jesus ang kanilang mga pag-iisip kaya sinabi niya sa kanila: "Ano ang mga kaisipan ninyong ito? Ano ba ang mas madaling sabihin: 'Pinatawad ka sa iyong mga kasalanan' o 'Tumayo ka't lumakad'? Dapat ninyong malaman na may kapangyarihan sa lupa ang Anak ng Tao na magpatawad ng mga kasalanan." At sinabi niya sa paralitiko: "Sinasabi ko sa iyo: bumangon ka, dalhin ang iyong higaaan at umuwi." At kapagdaka'y tumayo siya sa harap nila, kinuha ang kanyang higaaan at umuwing nagpupuri sa Diyos.

Namangha ang lahat at nagpuri sa Diyos. Nasindak nga sila at sinabi: "Nakakita tayo ng mga kagila-gilalas na bagay sa araw na ito!"

BIRTHDAY: Rev. Fr. Ambrosio Nonato C. Legaspi

DATE OF ESTABLISHMENT:

1999, Visitation of Our Lord Parish | 1990, Ina ng Lupang Pangako Parish

Pagmamasiid

Pinasasalamanat ba natin ang ating manggagamot tuwing gumagaling tayo sa sakit?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus sa mga guro ng Batas at Pariseo: "Dapat ninyong malaman na may kapangyarihan sa lupa ang Anak ng Tao na magpatawad ng mga kasalanan." Wika Niya sa paralitiko: "...bumangon ka, dalhin ang iyong higaaan, at umuwi." Tumayo ang paralitiko at umuwing nagpupuri sa Diyos.

Pagtatabas

Kapag tayo ay gumagaling, madalas nating pasalamatang ang doktor, gamot, o pahinga.

Ngunit pinupuri ko rin ba ang Panginoong Jesus sa mga sakit ko na pinagaling Niya at sa mga kasalanan kong pinatawad Niya?

Pagsasaayos

Akala ng mga guro ng Batas at Pariseo, si Yawe lamang ang makapagpapatawad ng kasalanan. Ngunit si Jesus, bilang Anak ng Tao at Anak ng Diyos, nagpakita ng kapangyarihan hindi lang sa himala kundi sa pagbibigay-ginhawa sa puso.

Sa Panahon ng Adbiyento, inaanyayahan tayong lumapit kay Jesus na nagpapagaling at nagpapatawad. Tulad ni San Ambrosio, na buong tapang nagturo ng pananampalataya at kabutihan, matuto tayong magtiwala sa habag ng Diyos. Sa bawat biyayang tinatanggap, magpuri at mamuhay nang may pasasalamat. Sa pusong handang magbago, naroroon ang pagdating ni Kristo—tahimik ngunit puspos ng awa.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, pinagsisihan namin ang aming kakulangan at kasalanan sa Inyo at aming kapwa. Papuri sa Inyo sa pagpapatawad Niyo sa amin, at sa pagpapagaling na aming sakit sa katawan, damdamin, at espiritu.

**DAKILANG KAPISTAHAN NG
KALINIS-LINISANG PAGLILIHI SA
MAHAL NA BIRHENG MARIA**
Salteryo: Hanay ng mga Banal / (Puti)

Salmo 98:1, 2-3ab, 3kd-4
*Umagit sa Diyos ng awa,
ang Gawain n'ya'y dakila.*



Unang Pagbasa: Genesis 3:9-15, 20*

Ikalawang Pagbasa: Efeso 1:3-6, 11-12

Ebanghelyo: Lucas 1:26-38

Sa ikanim na buwan, isinugo ng Diyos ang Anghel Gabriel sa isang bayan ng Galilea na tinatawag na Nazaret. Sinugo ito sa isang birhen na ipinagkasundo na sa isang lalaking nagngangalang Jose mula sa sambahayan ni David; at Maria naman ang pangalan ng birhen.

Pumasok ang anghel at sinabi sa kanya: "Matuwa ka, O puspos ng grasya, sumasaiyo ang Panginoon." Nabagabag naman si Maria dahil sa pananalitang ito at pinagwari kung ano ang pagbating ito.

At sinabi ng anghel sa kanya: "Huwag kang matakot, Maria, dahil may magandang nilolob ang Diyos para sa iyo. At ngayong maglililihi ka at manganganak ng isang lalaki na pangangalanan mong Jesus. Magiging dakila siya at tatawagin siyang Anak ng

Kataas-taasan, at ibibigay sa kanya ng Panginoong Diyos ang trono ng kanyang ninunong si David. Maghahari siya sa angkan ni Jacob magpakailanman; talaga ngang walang katapusan ang kanyang paghahari."

Sinabi ni Maria sa anghel: "Paanong mangyayari ito gayong di ako ginagalaw ng lalaki?" At sumagot sa kanya ang anghel: "Papanagot sa iyo ang Espiritu Santo at lililiman ka ng kapangyarihan ng Kataas-taasan kaya magiging banal ang isisilang at tatawaging Anak ng Diyos. At nagdalantao naman ngayon ang pinsan mong si Elizabeth sa kabila ng kanyang katandaan, at siyang itinuturing na baog ay nasa ikaanim na buwan na. Wala ngang imposible sa Diyos."

Sinabi naman ni Maria: "Narito ang utusan ng Panginoon, mangyari nawa sa akin ang iyong sinabi." At nilisan siya ng anghel.

PARISH FIESTA: Immaculate Conception Parish

DATE OF ESTABLISHMENT:

2010, Presentation of Our Lord Parish | 2017, San Antonio Maria Claret Parish

Pagmamamasid

Mayroon ba tayong pusong bukas at mapagkumbaba? Handa ba nating tanggapin ang kalooban ng Diyos, kahit hindi natin ito lubos na nauunawaan?

Paghahawi

Sinabi ni Anghel Gabriel kay Maria, "Matuwa ka, O puspos ng grasya, sumasaiyo ang Panginoon."... Sinabi naman ni Maria: "Narito ang utusan ng Panginoon, mangyari nawa sa akin ang iyong sinabi."

Pagtatabas

Kaya ba natin tularan ang Inang Maria sa sinabi niya na mangyari nawa ang plano ng Diyos sa kanya?

Pagsasaayos

Nagtiwala si Maria sa kabila ng takot at pagkalito, nagpakumbaba at tumugon sa tawag ng Diyos. Sa kapistahan ng Immaculada Concepcion, inaalala natin ang dakilang biyaya na ibinigay sa kanya—ang pagiging malinis sa kasalanan mula pa sa kanyang paglilihi, bilang paghahanda sa kanyang misyon bilang Ina ng Manunubos. Ang dogma ng Immaculada Concepcion nagpapaalala ng malalim na plano ng Diyos na nagsimula pa bago ang pagsilang ni Maria. Sa kanyang kababaang-loob at pananampalataya, naging daan siya ng kaligtasan. Tularan natin siya sa pagtanggap ng kalooban ng Diyos, na may buong tiwala, tapang, at pag-ibig.

Pagdiriwang

Inang Maria, ipanalangin mo kami sa Ama at sa iyong Anak na si Jesus, upang matularan namin kayo sa iyong kabutihan.



Unang Pagbasa: Isaías 40:25-31

Kaya nga sinasabi ng Banal: "Kanino ninyo ako itutulad? O sino ang aking kapantay?" Tumingala kayo at tingnan ang langit: sino'ng lumikha ng lahat ng ito? Siya, siya mismo ang nagpalitaw sa kanyang hukbo ng mga bituing isa-isang tinawag sa pangalan Dahil sa kanyang lakas at kapangyarihan, wala isa man sa mga ito'ng nawawala.

Paano mo masasabi, O Jacob, paano mo maidaraing, O Israel: lingid kay Yawe ang aking hantungan, hindi pansin ng Diyos ang aking kapakanan. Hindi mo ba alam, hindi mo ba narinig?

Si Yawe ang walang hanggang Diyos, ang Lumikha sa mga dulo ng daigdig. Hindi siya napapagod at napapagal, walang hanggan ang kanyang kaalaman.

Pinalalakas niya ang mahihina, pinasisigla ang napapagal. Ang kabataa'y napapagod at napapagal, natitisod at nabubuwal, ngunit ang mga umaasa kay Yawe ay magpapani-bagong-lakas lilipad silang may pakpak tulad ng mga agila, tatakbo sila at di mapapagal, lalakad sila at hindi mapapagod.

Ebanghelyo: Mateo 11:28-30

Lumapit sa akin, lahat kayong nahihirapan at may pinapasan, at pagiginhawahin ko kayo. Kunin ninyo ang aking pamatok at matuto sa akin, akong mahinahon at mababang-loob, at makakatagpo kayo ng ginhawa para sa inyong kaluluwa. Sapagkat mahusay ang aking pamatok at magaan ang aking pasanin."

Pagmamaisid

Kanino kayo lumalapit sa gitna ng pagsubok at hirap sa buhay?

Paghahawi

Payo ni Jesus: "Lumapit sa akin, lahat kayong nahihirapan at may pinapasan, at pagiginhawahin ko kayo. Kunin ninyo ang aking pamatok, at matuto sa akin, akong mahinahon at mababang-loob, at makakatagpo kayo ng ginhawa para sa inyong kaluluwa."

Pagtatabas

Lumalapit ba ako kay Jesus, kapag nahihirap sa pinapasan, at nakakaramdam ba ako ng kaginhawaan?

Pagsasaayos

Magaan ang pamatok ng Panginoong Jesus para sa mga lumalapit sa Kanya. Sa panahon ng Adbiyento, habang hinihintay ang pagdating ng Mesiyas, inaanyayahan tayong ipagkatiwala sa Kanya ang ating pagod, takot, at pasanin. Si Jesus nagbibigay-ginhawa sa mga pusong mapagkumbaba at tapat. Tulad ni San Juan Diego, na bagamat mahirap at hindi nakatanggap ng mataas na edukasyon, naging daluyan ng biyaya dahil sa kanyang pananampalataya at tiwala. Sa gitna ng kahinaan, natagpuan niya ang aliw ng Diyos sa presensya ni Maria. Matutong lumapit kay Jesus, magtiwala sa Kanyang oras, at magpahinga sa pag-ibig na laging umaalalay.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, nagtitiwala kami sa Inyong wagas na pagmamahal at pagsama sa amin sa mga pagsubok sa buhay. Kayo ang aming patnubay at pag-asa.

IKa-2 LINGGO NG ADBIYENTO

Salteryo: Linggo 2 / (Ube/Puti)

Mahal na Birhen ng Loreto

Salmo 145:1 at 9, 10-11, 12-13ab

*Pag-ibig ng Diyos ay ganap,
sa tanan s'ya'y nahahabag.*



Huwebes
10 **DISYEMBRE**

Unang Pagbasa: Isaias 41:13-20

Pagkat ako si Yaweng Diyos mo, hawak ko ang iyong kanang kamay at sinasabi: “Huwag kang matakot, tutulungan kita.”

Huwag kang matakot, Jacob, kawawang uod, at kayong mga taga-Israel, pagkat ako mismo ang tutulong sa inyo,” sabi ni Yaweng Banal ng Israel na inyong Manunubos.

Gagawin kitang isang kalaykay na bago, matalas at may dobleng hilera ng mga ngipin, kakalaykayin mo at dudurugin ang mga bundok, gagawing simpino ng ipa ang mga burol.

Bibithayin mo ang mga iyon, tatangayin ng hangin at pangangalatin ng unos. Ngunit ikaw ay magagalak kay Yawe at sa Banal ng Israel magpapakadakila.

Naghahanap ng tubig ang dukha at nagdarahop, ngunit walang matagpuan: tuyung-tuyo ang kanilang dila sa uhaw. Ngunit pakikinggan ko sila – ako si Yawe; hindi ko sila pababayaan – ako ang Diyos ng Israel.

Paaagusin ko ang mga ilog sa mga panot na bundok, ang mga bukal sa gitna ng mga lambak; ang disyerto’y gagawin kong mga sapa, at mga bukal naman ang tigang na lupa.

Magtatanim ako sa ilang ng sedro, akasya, mirto at olibo; magtatanim ako sa disyerto ng olmos, sipres at pino – upang makita at malaman ng lahat, kanilang limiin at unawain na kamay ni Yawe ang gumawa nito, na ang Banal ng Israel ang lumikha nito.

Ebanghelyo: Mateo 11:11-15

Talagang sinasabi ko sa inyo, walang sinuman sa mga kilalang tao ngayon ang mas dakila pa kay Juang tagapagbinyag, pero mas dakila sa kanya ang pinakamaliit sa kaharian ng Langit. Mula sa panahon ni Juan Bautista hanggang ngayon, ang kaharian ng Langit ay kailangang agawin, at ang mga buo ang loob ang umaagaw nito.

Pagpopropesiya nga lamang ang panahon ng Mga Propeta at ng Batas hanggang kay Juan. At kung gusto ninyo itong tanggapin, si Juan ang Elias na darating. Makinig ang may tainga.

DATE OF ESTABLISHMENT: 2000, St. Maximilian Mary Kolbe Parish

Pagmamasiid

Sino ang mga kilalang tao ang matatawag mong dakila?

Paghahawi

Pahayag ni Jesus: “Talagang sinasabi ko sa inyo, walang sinuman sa mga kilalang tao ngayon ang mas dakila pa kay Juang tagapagbinyag, pero mas dakila sa kanya ang pinakamaliit sa kaharian ng Langit.”

Pagtatabas

Bakit dinadakila ang tinitingala ang may kapangyarihan, mayaman, may pinag-aralan at mataas na katungkulan sa pamahalaan o kumpanya? Bakit sila ang may boses sa anumang antas ng lipunan? Pawang tagasunod ba at inuutusan ang maliliit at nasa laylayan ng lipunan?

Pagsasaayos

Kabutihan at kabanalan ang tinitingnan ni Jesus sa tunay na kadakilaan. Si Juan Bautista, sa kababaang-loob, ipinakilala ang Tagapagligtas sa halip na sarili. Dakila ang kanyang papel, ngunit higit na dakila ang darating—si Jesus na nagbibigay-buhay.

Ngayong Adbiyento, tinatawagan tayong maghanda, tulad ni Juan, upang ituwid ang landas para sa Panginoon. Pinahahalagahan ni Jesus ang mga maliit sa mata ng mundo, sapagkat sa kanilang puso nananahan ang tunay na pananampalataya. Tulad ng paggalang sa Banal na Bahay sa Loreto, na naging tahanan ni Maria, hilingin nating maging karapat-dapat ding tahanan ng Diyos ang ating puso.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, makita nawa namin Kayo sa aming kapwa, at maibigay sa kanila ang paggalang bilang aming kapatid na Inyong minamahal.



Unang Pagbasa: Isaías 48:17-19

Ito ang sabi ni Yawe, ang iyong Manu-
nubos, ang Banal ng Israel: Ako si Yaweng
Diyos mo, ang nagtuturo sa iyo ng pinaka-
mabuti; itinuturo ko sa iyo ang daang dapat
mong tahakin.

Kung pinakinggan mo lamang ang aking
mga utos, ang kapayapaan mo sana'y naging
tulad ng ilog, ang katarungan mo sana'y
naging gaya ng mga alon sa dagat.

Ang mga supling mo'y naging tulad sana
ng buhangin, at ang mga inapo ay naging
tulad ng mga butil nito, di kailanman mapu-
putol o mapapawi sa harap ko ang kanilang
pangalan.

Ebanghelyo: Mateo 11:16-19

Ngayon, kanino ko ikukumpara ang
mga tao sa kasalukuyan? Para silang
mga batang nakaupo sa mga plasa at nag-
kakantahan, at nagrereklamo ang ilan sa
kanila: 'Tinugtug namin ang plauta para sa
inyo pero ayaw ninyong sumayaw, at nang
umawit naman kami ng malungkot na awit,
ayaw din ninyong umiyak!'

Ganito rin ang nangyari: Dumating muna
si Juan na nag-aayuno, at sabi ng mga
tao: 'Inaalihan siya ng demonyo.' At saka
dumating ang Anak ng Tao na kumakain at
umiinom, at ang sabi ng mga tao: 'Lasenggo
at matakaw, kaibigan ng mga publikano at
mga makasalan!' Gayon pa man, mapa-
tutunayang tama ang karunungan ng Diyos
sa mga gawa nito."

SACERDOTAL ANNIVERSARY:

Rev. Fr. Joel T. Saballa, CFIC | Rev. Fr. Charles Jocris M. Mortela, CMF

DATE OF ESTABLISHMENT: 1982, Holy Trinity Parish

Pagmamasid

Mahilig ba tayong magreklamo sa mga tao o kaganapan na ayaw natin?

Paghahawi

Tanong ni Jesus kung kanino ikukumpara ang mga tao sa kasalukuyan? Sabi Niya na para silang
mga batang nakaupo sa mga plasa at nagkakantahan, at nagrereklamo ang ilan sa kanila.

Pagtatabas

Bukas ba tayo sa kabutihan ng Diyos, o madalas tayong nagrereklamo sa mga bagay na hindi
ayon sa ating gusto?

Pagsasaayos

Malinaw ang paanyaya ni Jesus sa Ebanghelyo: buksan ang puso at tumugon nang may
kababaang-loob. Sa halimbawang ibinigay Niya—ang tahimik na buhay ni Juan Bautista at ang
Kanyang pakikitungo sa mga makasalan—makikita ang pagkilos ng Diyos sa paraang hindi
laging inaasahan.

Habang hinihintay ang Mesiyas, hinihimok tayong umiwas sa pagrereklamo at paghusga, at
sa halip, magpasalamat sa bawat biyayang natatanggap. Tulad ni San Damasco I, na naglingkod
nang tapat upang palaganapin ang Salita ng Diyos, inaanyayahan tayong mamuhay nang bukas
ang puso. Sa puso ng mapagpakumbaba, inilalantad ng Diyos ang Kanyang karunungan, habang
nananatiling tago ito sa pusong sarado sa pag-ibig.

Pagdiriwang

Ama, baguhin Niyo kami ng biyayang maging mapapuri, sa halip ng laging mareklamo.

IKa-2 LINGGO NG ADBIYENTO

Salteryo: Linggo 2 / (Puti)

Mahal na Birhen ng Guadalupe

Judit 13:18bkde, 19

*Pinupuri kang lubusan
ng lahat sa ating bayan.*



12

Sabado
DISYEMBRE

Unang Pagbasa: Zacarias 2:14-17 (o Pagbubunyag 11:19a; 12: 1-6, 10ab)

"Umawit ka at magalak, Dalagang Sion pagkat dumarating ako upang manahan sa piling mo," sabi ni Yawe.

"Sa araw na iyon, maraming bansa ang sasama kay Yawe at magiging bayan ko, ngunit sa iyo ako mananahan. Magiging sariling bayan ni Yawe ang Juda sa banal na lupain. Muli niyang hihirangin ang Jerusalem.

Huwag kumibo ang sinuman; gumigising nga't kababangon pa lamang ni Yawe sa kanyang banal na tahanan."

Ebanghelyo: Lucas 1:39-47 (o Lucas 1:26-38)

Nang mga araw ring iyo'y nagmamadaling naglakbay si Maria papunta sa isang bayan sa mataas na lupain ng Juda. Pumasok siya roon sa bahay ni Zacarias at binati si Elizabeth. Nang marinig ni Elizabeth ang bati ni Maria, sumikad ang sanggol sa sinapupunan niya, at napuspos ng Espiritu Santo si Elizabeth at malakas siyang sumigaw at sinabi: "Lubos kang pinagpala sa mga kababaihan. Pinagpala rin ang bunga ng iyong sinapupunan! Sino nga ba naman ako't naparito sa akin ang ina ng aking Panginoon? Nang umabot sa aking pandinig ang iyong pagbati, sumikad sa tuwa ang sanggol sa aking sinapupunan. Pinagpapala ang naniniwalang magaganap ang mga sinabi sa kanya ng Panginoon."

At sinabi ni Maria: "Dinadakila ng aking kaluluwa ang Panginoon at nagagalak ang aking espiritu sa Diyos na aking Tagapagligtas.

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Msgr. Jesus Romulo C. Rañada

PARISH FIESTA:

Our Lady of Guadalupe Parish | Sta. Lucia Parish

Pagmamasiid

Kapag nakakita ka ng nagdadalang-tao, naiisip mo ba ang iyong ina na nagsilang sa iyo?

Paghahawi

Nang marinig ni Elizabeth ang bati ni Maria, sumikad ang sanggol sa sinapupunan niya, at napuspos ng Espiritu Santo si Elizabeth at sumigaw: "Lubos kang pinagpala sa mga kababaihan. Pinagpala rin ang bunga ng iyong sinapupunan!"... Sinabi ni Maria, "Dinadakila ng aking kaluluwa ang Panginoon, at nagagalak ang aking espiritu sa Diyos na aking Tagapagligtas."

Pagtatabas

Kapag sinasabi nating lubos na pinagpala si Inang Maria sa lahat ng babae, nangangahulugan ba ito na sinasamba natin siya?

Pagsasaayos

Tayong Katoliko, hindi sumasamba kay Maria kundi nagbibigay-galang bilang Ina ni Jesus, ang Tagapagligtas ng sanlibutan. Sa Ebanghelyo, nagmadali siyang dumalaw kay Elisabet, dala ang kagalakan ng Diyos sa kanyang sinapupunan.

Ngayong Adbiyento, inaanyayahan tayong tularan ang kanyang kababaang-loob at pananampalataya. Sa pagpapakita ni Maria bilang ang Birhen ng Guadalupe, na Patrona ng mga hindi pa isinisilang, ipinapaalala niya ang halaga ng bawat buhay. Patuloy siyang nananalangin para sa ating pagbabalik-loob at paggalang sa buhay, lalo na sa sinapupunan. Dinadakila niya ang Diyos, hindi ang sarili. Matuto tayong magpuri, maglingkod, at tumanggap sa buhay bilang biyaya ng Diyos.

Pagdiriwang

Inang Maria, turuan niyo po kaming pahalagahan ang buhay na mula sa Diyos, kagaya ng pagpapahalaga ninyo kay Jesus.



Ebanghelyo: Juan 1:6-8, 19-28

May taong sugo ang Diyos – Juan ang kanyang pangalan. Dumating siya para sa pagpapatunay, para magpatunay tungkol sa Liwanag, upang makapanalig ang lahat sa pamamagitan niya. Hindi siya mismo ang Liwanag, kundi para magpatunay tungkol sa Liwanag. Ito ang pagpapatunay ni Juan nang papuntahin sa kanya ng mga Judio ang ilang mga pari at Levita mula sa Jerusalem para tanungin siya: “Sino ka?” Inako niya di ipinagkaila, inako nga niyang “Hindi ako ang Kristo.”

At tinanong nila siya: “Ano ka kung gayon? Si Elias ka ba?” At sinabi niya: “Hindi.” “Ang Propeta ka ba?” Isinagot naman niya: “Hindi” Kaya sinabi nila sa kanya: “Sino ka ba? Para may maisagot kami sa mga nagpapunta sa amin. Ano ba ang masasabi mo tungkol sa ‘yong sarili?”

Sumagot siya gaya ng sinabi ni Propeta Isaias: “Tinig ako ng isang sumisigaw sa disyerto: Tuwirin ang daan ng Panginoon.”

May mga pinapunta mula sa mga Pariseo.

At tinanong nila siya: “Eh, ba’t ka nagbibinyag kung hindi ikaw ang Kristo, ni si Elias, ni ang Propeta?” Sinagot sila ni Juan: “Sa tubig ako nag-bibinyag ngunit may nakatayo sa piling ninyo na hindi n’yo kilala. Siya ang dumating na kasunod ko pero hindi ako karapat-dapat magkalag ng panali ng kanyang panyapak.”

Sa Betaraba nangyari ang mga ito, sa kabilang-ibayo ng Jordan na pinagbibinyagan ni Juan.



“Tinig ako ng isang sumisigaw sa disyerto.”

Pagmamaisid

Paano ako magpakilala ng itinatanging kapwa sa iba? At kapag si Jesus ang ating ipinapakilala, paano natin Siya inilalarawan sa iba?

Paghahawi

Tugon ni Juan Bautista sa mga nagtatanong: “Hindi ako ang Kristo... Siya ang dumating na kasunod ko, pero hindi ako karapat-dapat magkalag ng panali ng kanyang panyapak.”

Pagtatabas

Katulad ba ako ni Juan Bautista na ipakikilala ko si Jesus sa aking kapwa? Gagawin ko ba ito nang may kababaang-loob?

Pagsasaayos

Kapag nagpapakilala tayo ng isang mahalagang tao, madalas binabanggit ang kanyang kabutihan at nagawa. Sa Ebanghelyo, si Juan Bautista nagpatotoo hindi tungkol sa sarili kundi tungkol sa Liwanag—si Jesus.

Ngayong Ikatlong Linggo ng Adbiyento, inaanyayahang magalak habang papalapit ang pagdating ng Panginoon. Tulad ni Juan, tinatawag tayong maging tagapaghanda ng daan. Hindi kailangan ang katanyagan o kapangyarihan upang magpatotoo. Sapat ang kababaang-loob, katapatan, at pananampalataya upang ipakilala si Kristo sa salita at gawa. Sa gitna ng dilim, maging tanglaw na patunay na ang Diyos narito at patuloy na kumikilos sa ating buhay.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, tulungan niyo kaming kilalanin ang ikaw bilang Liwanag sa aming paglalakbay sa buhay.

Lunes
DISYEMBRE
14



IKA-3 LINGGO NG ADBIYENTO

Salteryo: Linggo 3 / (Puti)

San Juan de la Cruz

Salmo 25:4-5ab, 6 at 7bk, 8-9

*Poon, ako'y gabayan mo
sa landas patungo sa'yo.*

Unang Pagbasa: Mga Bilang 24:2-7, 15-17a

Ebanghelyo: Mateo 21:23-27

Pagpasok ni Jesus sa Templo, lumapit sa kanya ang mga punong-pari, mga guro ng Batas at mga Matatanda ng mga Judio, at nagtanong: "Ano ang karapatan mong gawin ang mga ito? Sino ang nagtalaga sa iyo?"

Sinagot sila ni Jesus: "Tatanungin ko rin kayo ng isang tanong. At kung may sagot kayo, sasagutin ko kayo kung sino ang nagtalaga sa akin para sa mga ito. Saan galing ang pagbibinyag ni Juan, sa Diyos ba o sa tao?"

At nag-isip-isip sila: "Kung isasagot nating galing sa Diyos, sasabihin niya: 'Bakit di kayo naniwala sa kanya?' At kung sasabihin naman nating 'Galing lamang sa tao ang pagbibinyag ni Juan,' dapat tayong matakot sa bayan sapagkat akala nila'y tunay na propeta si Juan." Kaya sinabi nila kay Jesus: "Hindi namin alam."

At sinabi sa kanila ni Jesus: "Hindi ko rin sasabihin sa inyo kung sino ang nagtalaga sa akin na gumawa ng mga ito."

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Antero C. Natividad

Pagmamasisid

Naranasan mo na bang pagdudahan ang sinasabi mo? Ano ang ginagawa mo?

Paghahawi

Tugon ni Jesus sa mga punong pari at matatanda ng bayan: "Tatanungin ko rin kayo... Kung may sagot kayo, sasagutin ko kayo, kung sino ang nagtalaga sa akin para sa mga ito. Saan galing ang pagbibinyag ni Juan, sa Diyos ba o sa tao?"

Pagtatabas

Gagayahin ko ba ang ginawa ni Jesus na nagtanong bilang sagot sa tanong sa Kanya?

Pagsasaayos

Kapag may nagdududa sa ating sinasabi, lalo na kung totoo, mas mainam ang mahinahong paliwanag kaysa pagtatalo. Sa Ebanghelyo, hinarap ni Jesus ang tanong ng mga pinuno na hindi bukas sa katotohanan.

Habang hinihintay ang pagdating ng Panginoon, tinatawagan tayong maging tapat na saksi ng liwanag kahit sa gitna ng pag-aalinlangan. Tulad ni San Juan de la Cruz, na dumaan sa kadiliman ng pananampalataya, patuloy tayong umaakyat sa Diyos ang bawat hamon. Hindi natin ipinipilit ang sarili, kundi ipinaubaya sa Diyos ang pagbubukas ng puso ng iba. Manatiling tapat, mapagpakumbaba, at matatag sa pagsaksi sa katotohanan.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, akayin Nyo kami lagi sa katotohanan, kabutihan, at pang-unawa sa mga pagdududa ng kapwa.

IKa-3 LINGGO NG ADBIYENTO

Salteryo: Linggo 3 / (Ube)

Salmo 34:2-3, 6-7, 17-18, 19 at 23

Dukhang sa Diyos tumatawag
ay kanyang inililigtas.



Martes
15 DISYEMBRE

Unang Pagbasa: Sofonias 3:1-2, 9-13

Kawawa ang rebelde at karumal-dumal, ang siyudad na nang-aapi! Binalawala ang pagtawag, di tinanggap ang pangaral. Hindi nanalig kay Yawe, hindi lumapit sa kanyang Diyos.

Sa panahong iyon, bibigyan ko ng mga bagong labing matapat ang mga bayan para tumawag silang lahat sa ngalan ni Yawe at samasamang maglingkod sa kanya. Magdadala ng handog sa akin ang mga sumasamba sa akin mula sa kabilang ibayo ng mga ilog ng Etiopia kasama ng bayan kong nakakalat.

Sa araw na iyon, hindi mo na ikahihiya ang lahat ng pagtataksil at mga pagkakasala mo sa akin; sapagkat aalisin ko sa piling mo ang mga masayang nagyayabang at di na muling magmamalaki sa aking banal na bundok. Liwan ko sa iyo ang isang bayang hamak at dukha na aasa sa ngalan ni Yawe – ang nalabi sa Israel.

Hindi sila gagawa ng kasamaan, wala nang kasinungalingan sa kanila at di na matatagpuan ang panlilinlang sa kanilang bibig. Kakain sila at magpapahinga rin, at walang manggugulo sa kanila.

Ebanghelyo: Mateo 21:28-32

Nagpatuloy si Jesus: “Ano sa palagay ninyo? May dalawang anak ang isang tao. Lumapit siya sa isa at sinabi: ‘Anak, pumunta ka ngayon at magtrabaho sa aking ubasan.’ Sumagot ang anak: ‘Ayoko.’ Ngunit pagkatapos ay nagbagong-isip siya at pumunta. Pinuntahan din ng ama ang pangalawang anak at gayundin ang sinabi. Sumagot naman ang anak: ‘Opo.’ Pero hindi siya pumunta.”

At itinanong ni Jesus: “Sino sa dalawang anak ang tumupad sa gusto ng ama?” Sumagot sila: “Ang una.” At sinabi ni Jesus: “Talagang sinasabi ko sa inyo: mas nauuna sa inyo patungo sa kaharian ng Langit ang mga publikano at mga babaeng bayaran. Dumating nga si Juan para ipakita sa inyo ang daan ng kabutihan pero hindi kayo naniwala sa kanya, samantalang naniwala naman ang mga publikano at mga babaeng bayaran. Nakita ninyo ito at hindi kayo nagsisi o naniwala sa kanya.”

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Leonides T. Laguilles
DATE OF ESTABLISHMENT: 1986, Our Lady of the Holy Rosary Parish

Pagmamasiid

Nangyari na ba sa akin na hindi ko pinaniniwalaan ang sinabi ng isang kapwa? Bakit?

Paghahawi

Paliwanag ni Jesus: “Mas nauna sa inyo patungo sa kaharian ng Langit ang mga publikano at mga babaeng bayaran. Dumating nga si Juan para ipakita sa inyo ang daan ng kabutihan, pero hindi kayo naniwala sa kanya, samantalang naniwala naman ang mga publikano at mga babaeng bayaran. Nakita ninyo ito, at hindi kayo nagsisi o naniwala sa kanya.”

Pagtatabas

May pagkakataon ba na hindi ako naniwala sa sinasabing daan ng kabutihan ng isang pinuno ng Simbahan, tulad ng mga taong hindi naniwala kay Juan Bautista?

Pagsasaayos

Naniwala ang mga publikano at bayarang babae sa mensahe ni Juan, ngunit ang mga punong pari at pinuno ng bayan, na inaasahang unang tutugon, tumangging makinig.

Habang hinihintay ang pagdating ng Panginoon, inaanyayahang buksan ang isip at puso sa katotohanan, kahit magmula ito sa hindi inaasahang tao. Pananampalataya ang tumanggap ng tawag ng Diyos kahit masakit o mahirap unawain. Isang biyaya ang makakita ng kabutihan sa salita at halimbawa ng mga lingkod ng Simbahan—pari, relihiyoso, at mga taong tahimik na nagsasabuhay ng pananampalataya. Sa kababaang-loob, mas malinaw nating naririnig ang tinig ng Diyos.

Pagdiriwang

Ama, gabayan Niyo kaming makinig, maniwala, at masunod ang mga salita Niyo sa pamamagitan ng Inyong mga sugo sa aming paligid.



Unang Pagbasa:
Isaias 45:6k-8, 18, 21k-25

Ebanghelyo: Lucas 7:18b-23

Tinawag ni Juan ang dalawa sa kanyang mga alagad at sinugo sila sa Panginoon para sabihin sa kanya: "Ikaw na ba ang Dumarating o maghihintay pa kami ng iba?" Pagdating ng mga taong iyon kay Jesus, sinabi nila: "Ipinasasabi sa iyo ni Juan Bautista: Ikaw na ba ang Dumarating o maghihintay pa kami ng iba?"

Nang mga sandali namang iyo'y marami siyang pinagaling sa mga sakit, mga karam-daman at masasamang espiritu, at binigyan niya ng paningin ang mga bulag. Kaya sumagot siya sa kanila: "Bumalik kayo at ibalita kay Juan ang inyong nakita at narinig: nakakakita ang mga bulag, nakakalakad ang mga pilay, lumilinis ang mga ketongin at nakakarinig ang mga bingi, nagigising ang mga patay, may mabuting balitang ipinahahayag sa mga dukha. At napakapalad niyang hindi natitisd dahil sa akin."

Pagmamasad

Mas mainam ba na marinig ang katotohanan ng sinabi at ginawa ng kapwa galing mismo sa kanya?

Paghahawi

Payo ni Jesus: "Bumalik kayo at ibalita kay Juan ang inyong nakita at narinig: nakakakita ang mga bulag, nakakalakad ang mga pilay, lumilinis ang mga ketongin at nakakarinig ang mga bingi, nagigising ang mga patay, at may mabuting balitang ipinahahayag sa mga dukha. Napakapalad niyang hindi natitisd dahil sa akin."

Pagtatabas

Bakit kaya sinabihan ni Juan Bautista ang kanyang mga alagad na tanungin mismo kay Jesus ang mga sinabi at ginawa Niya para sa mga tao?

Pagsasaayos

Maaaring nawala ang pag-aalinlangan ng mga alagad ni Juan Bautista nang marinig nila kay Jesus ang Kanyang ginagawa para sa mga tao. Sa Ebanghelyo, binanggit ni Jesus ang mga bulag na nakakakita, mga pilay na nakakalakad, at mga patay na binuhay—mga tanda ng pagdating ng Kaharian ng Diyos.

Ngayong Adbiyento, kilalanin natin si Jesus hindi lang sa salita kundi sa Kanyang pagkilos. Pinagpapala ang pusong hindi nagdududa kundi patuloy na nagtitiwala. Sa paghihintay, matutong tumingin sa kabutihang ginagawa ng Diyos araw-araw.

Pagdiriwang

Ama, pagtibayin Niyo ang aming paniniwala at pagsunod sa Inyong isinugong Anak.

IKA-3 LINGGO NG ADBIYENTO

Salteryo: Linggo 3 / (Ube)

Salmo 72:1-2, 3-4ab, 7-8, 17
*Mabubuhay s'yang marangal
at sasagana kailanman.*



Huwebes
17 DISYEMBRE

Unang Pagbasa: Genesis 49:2, 8-10

Ebanghelyo: Mateo 1:1-17

Ito ang libro ng pinagmulan ni Jesucristo, anak ni David at anak ni Abraham.

Si Abraham ang ama ni Isaac, si Isaac ang ama ni Jacob, si Jacob ang ama ni Juda at ng kanyang mga kapatid.

Si Juda ang ama nina Perez at Zerah (si Tamar ang kanilang ina), si Perez ang ama ni Esron, at si Esron ni Aram. Si Aram naman ang ama ni Aminadab, si Aminadab ni Naason, si Naason ni Salmon. Si Salmon ang ama ni Boaz, at si Rahab naman ang kanyang ina. Si Boaz ang ama ni Obed, si Ruth ang kanyang ina. Si Obed naman ang ama ni Jese. Si Jese ang ama ni David na hari. Si David ang ama ni Solomon, at ang naging maybahay ni Urias ang kanyang ina. Si Solomon ang ama ni Rehoboam na ama ni Abias, at sumunod naman ang mga haring sina Asa, Yosafat, Yoram, Ocias, Yoatan, Ahaz, Ezekias, Manases, Amon at Yosias. Si Yosias ang ama ni Yekonias at ng kanyang mga kapatid, sa panahon ng pagkatapon sa Babilonia.

Pagkatapos naman ng pagkatapon sa Babilonia – si Yekonias ang ama ni Salatiel na ama ni Zorobabel. Si Zorobabel ang ama ni Abiud, si Abiud ni Eliakim, at si Eliakim ni Azor. Si Azor ang ama ni Sadok, si Sadok ni Akim, at si Akim ni Eliud. Si Eliud ang ama ni Eleazar, si Eleazar ni Matan at si Matan ni Jacob.

Si Jacob ang ama ni Jose – ang asawa ni Maria na siyang pinagmulan ni Jesus na tinawag na Kristo.

Kaya may labing-apat na salinlahi mula kay Abraham hanggang kay David at labing-apat mula kay David hanggang sa pagkatapon sa Babilonia at labing-apat din hanggang sa Kristo.

Pagmamasiid

Nais mo bang malaman kung sino at ano ang ginawa ng iyong mga ninuno?

Paghahawi

Ito ang libro ng pinagmulan ni Jesucristo, anak ni David at anak ni Abraham.... may labing-apat na salinlahi mula kay Abraham hanggang kay David, at labing-apat mula kay David hanggang sa pagkatapon sa Babilonia, at labing-apat din hanggang sa Kristo.

Pagtatabas

May aral ba na malaman ang salinlahi ni Jesus? Ano ito?

Pagsasaayos

Natupad ang pahayag sa Lumang Tipan na magmumula sa angkan ni David ang Mesiya. Sa talaan ng lahi ni Jesus, makikita ang katuparan ng pangako ng Diyos. Sa panahon ng Adbiyento, pinapaalalahanan tayong bahagi ng isang mas malawak na kasaysayan ng kaligtasan. Mahalagang tandaan na sina Abraham, ninuno rin ng mga Kristiyano, Judio, at Muslim, nagsisilbing paalala ng pagkakaugnay at pagkakaisa. Makikita rin sa talaan na angkan ni Jesus binubuo ng mabuti at makasalanan, dakila at karaniwan. Paanyaya ito na yakapin ang ating pinagmulan, tanggapin ang biyaya ng Diyos, at patuloy na maghintay sa Kanyang pagdating nang may pananampalataya.

Pagdiriwang

Ama, salamat sa biyaya Ninyong iba't-ibang mga ninuno sa aming lahat, upang maipagpatuloy at mapabuti pa ang gawaing mana at maituwid anuman ang pagkukulang nila.



Unang Pagbasa: Jeremias 23:5-8

Ito ang sinasabi ni Yawe: “Darating ang araw na magpapalitaw ako kay David ng isang matuwid na supling, isang haring buong-karunungang mamumuno at paiiralin sa lupain ang katarungan at pagkamatuwid. At tatamasahin ng Juda ang kapayapaan at panatag na mabubuhay ang Israel. At ito ang pangalang itatawag sa kanya: Yaweng-aming-Katarungan!

Kayat darating ang panahon – ito ang salita ni Yawe – na hindi na sasabihing “Purihin si Yawe na naglabas sa mga anak ng Israel mula sa Ehipto,” kundi: “Purihin si Yawe na nagbalik sa mga inapo ng Israel mula sa lupain sa Hilaga at mula sa lahat ng lupaing pinagtabuyan niya sa kanila, upang mamuhay na muli sa sariling lupain!”

Ebanghelyo: Mateo 1:18-25

Ganito ipinanganak si Jesucristo. Ipinagkasundo na kay Jose ang kanyang inang si Maria pero bago sila nagsama bilang mag-asawa, nagdadalantao na siya gawa ng Espiritu Santo.

Kaya binalak ni Jose na hiwalayan nang lihim ang kanyang asawa. Matuwid nga siya at ayaw niya itong mapahiya.

Habang iniisip-isip niya ito, napakita sa kanya sa panaginip ang Anghel ng Panginoon at sinabi: “Jose, anak ni David, huwag kang matakot na tanggapin si Maria bilang iyong asawa. Gawa ng Espiritu Santo kaya siya naglihi, at manganganak siya ng isang sanggol na lalaki, na pangangalanan mong Jesus sapagkat siya ang magliligtas sa kanyang sambayanan mula sa kanilang mga kasalanan.”

Nangyari ang lahat ng ito para matupad ang sinabi ng Panginoon sa pamamagitan ng Propeta: “*Maglilihi ang birhen at magsisilang ng isang sanggol na lalaki at tatawagin nila siyang Emmanuel na ibig sabih’y Nasa-atinang-Diyos.*” Kaya pagkagising ni Jose, ginawa niya ang sinabi ng Anghel ng Panginoon at tinanggap niya ang kanyang asawa. Ngunit hindi sila nagtalik bago isilang ang sanggol. At pinangalanan niya itong Jesus.

Pagmamaisid

May tiwala ba tayo sa kabutihan ng layunin ng Diyos sa ating buhay?

Paghahawi

Ginawa ni Jose ang sinabi sa kanyang panaginip ng Anghel ng Panginoon, at tinanggap niya ang kanyang asawa, ang Inang Maria...Pinangalanan niya ang sanggol na Jesus.

Pagtatabas

Tulad ba tayo ni Jose may pusong bukas sa gabay, handang sumunod, at may pananampalataya sa kabila ng hindi natin lubos na nauunawaan?

Pagsasaayos

Hindi madaling sumunod, lalo na kung hindi lubos nauunawaan ang nangyayari. Ngunit sa Adbiyento, tinatawag tayong manalig tulad ni San Jose. Hindi niya hinanap ang paliwanag, kundi tahimik na tumugon sa panawagan ng Diyos. Sa halip na lumayo, pinili niyang yakapin ang misyon na ibinigay sa kanya. Sa kababaang-loob at pananampalataya, naging daluyan siya ng katuparan ng plano ng Diyos. Paalala ito na higit sa alay, hinahanap ng Diyos ang pusong handang sumunod. Sa panahon ng paghihintay, matutong makinig, magtiwala, at sundin ang kalooban ng Diyos kahit tahimik, mahirap, o hindi agad nauunawaan.

Pagdiriwang

Ama, gaya ni San Jose, masunod nawa namin ang mga atas Niyo, lalo na sa mahalagang pangyayari sa aming buhay.

IKA-3 LINGGO NG ADBIYENTO

Salteryo: Linggo 3 / (Ube)

Salmo 71:3-4a, 5-6ab, 16-17

*Lagi kong papupurihan
ang iyong kapangyarihan.*



Sabado
19 **DISYEMBRE**

Unang Pagbasa: **Hukom 13:2-7, 24-25a**

Ebanghelyo: Lucas 1:5-25*

(...) Sa kapanahunan ni Herodes na hari ng Judea, may isang paring nagngangalang Zacarias, mula sa pangkat ni Abias. Mula rin sa lahi ni Aaron ang kanyang asawa na Elizabeth ang pangalan. Kapwa sila matuwid sa harap ng Diyos at namumuhay nang walang kapintasan ayon sa lahat ng batas at kautusan ng Panginoon. Ngunit wala silang anak dahil baog si Elizabeth at kapwa matanda na sila.

Minsan, habang naglilingkod si Zacarias sa harap ng Diyos nang turno pa ng kanyang pangkat, nagpalabunutan sila ayon sa kaugalian ng kaparian at siya ang napiling pumasok sa santuwaryo ng Panginoon para magsunog ng insenso. Kaya sa oras ng pag-aalay ng insenso habang nananalangin ang buong bayan sa labas, napakita sa kanya ang anghel ng Panginoon, nakatayo sa gawing kanan ng altar ng insenso. Naligalig si Zacarias at sinidlan ng takot pagkakita rito.

Ngunit sinabi sa kanya ng anghel: "Huwag kang matakot, Zacarias; dininig na ang iyong panalangin. Ipangananak sa iyo ng asawa mong si Elizabeth ang isang anak na lalaki, at pangangalanan mo siyang Juan. Magiging ligaya at tuwa mo siya, at marami rin ang magagalak dahil sa kanyang pagsilang.

Magiging dakila nga siya sa harap ng Panginoon. Hindi siya iinom ng alak ng ubas o ng butil at mapupuspos siya ng Espiritu Santo mula sa sinapupunan ng kanyang ina. Panunumbalikin niya ang maraming anak ng Israel sa Panginoong kanilang Diyos. Mangunguna siya sa Panginoon taglay ang diwa at kapangyarihan ni Elias para *pagkasunduin ang mga magulang at mga anak*, at ibalik ang mga masuwayin sa pag-unawang bagay sa mga makatarungan upang maihanda ang isang bayang angkop sa Panginoon."

Sinabi naman ni Zacarias sa anghel: "Paano ko ito matitiyak? Matanda na nga ako at may katandaan na rin ang aking asawa." Sumagot ang anghel at sinabi sa kanya: "Ako si Gabriel na nasa harap ng Diyos. Ako ang sinugo sa iyo para kausapin ka't ihatid ang magandang balitang ito. Matutupad sa takdang panahon ang aking mga salita; ngunit ikaw na di naniniwala ay magiging pipi at di makapagsasalita hanggang sa araw na mangyari ang mga ito."

Naghihintay naman kay Zacarias ang bayan at nagtataka sa pagtatagal niya sa loob ng santuwaryo. Nang lumabas siya, hindi na siya makapagsalita kaya nalaman nilang nakakita siya ng isang pangitain sa loob ng santuwaryo. Sumesenyas na lamang siya sa kanila at nanatiling pipi.

Nang matapos na ang panahon ng kanyang paglilingkod, umuwi si Zacarias. At pagkaraan ng mga araw, nagdalantao ang asawa niyang si Elizabeth ngunit limang buwan itong di lumabas ng bahay at sinabi: "Ito'y gawa ng Panginoon! Ipinasya niyang alisin ang kahihyan ko sa paningin ng mga tao."

Pagmamasid

Nangyari na ba sa akin ang masama, dahil hindi ako naniwala sa sinabi ng isang kapwa?

Paghahawi

Sinabi ni Anghel Gabriel kay Zacarias na sugo siya ng Diyos na maghatid sa kanya ng magandang balita na magkakaanak sila ni Elizabeth sa kanilang katandaan. Dagdag ni Gabriel: "Matutupad sa takdang panahon ang aking mga salita; ngunit ikaw na di naniniwala, magiging pipi, at di makapagsasalita hanggang sa araw na mangyari ang mga ito."

Pagtatabas

Kung si Zacarias ako, magdududa rin ba ako sa sinabi ng anghel, dahil wala akong kilalang matandang mag-asawa na nagkaanak?

Pagsasaayos

Sa panahon ng Adbiyento, inaanyayahang manalig sa Diyos kahit tila imposibleng mangyari ang Kanyang pangako. Sa Ebanghelyo, si Zacarias nahirapang maniwala sa balita ng anghel, kaya pansamantalang nawala ang kanyang tinig. Minsan, tulad niya, dinadalaw tayo ng duda, lalo na kapag ang salita ng Diyos tila salungat sa ating karanasan. Ngunit ang pananampalataya lumalalim kapag natutong magtiwala kahit walang kasiguruhan. Sa tahimik na paghihintay, tulad ni Maria, binubuo ng Diyos ang Kanyang plano sa ating buhay—tapat Siya at makapangyarihan.

Pagdiriwang

Ama, tibayan Niyo ang aming pananampalataya at pagtitiwala sa Inyong mga salita, kahit naiiba sa totoong buhay.

Luwalhatiin magpakailanman ang Diyos na
Siyang tanging marunong sa pamamagitan ni
Jesucristo. Amen.

Ebanghelyo: Lucas 1:26-38

Sa ikanim na buwan, isinugo ng Diyos ang Anghel Gabriel sa isang bayan ng Galilea na tinatawag na Nazaret. Sinugo ito sa isang birhen na ipinagkasundo na sa isang lalaking nagngangalang Jose mula sa sambahayan ni David; at Maria naman ang pangalan ng birhen.

Pumasok ang anghel at sinabi sa kanya: "Matuwa ka, O puspos ng grasya, sumasaiyo ang Panginoon." Nabagabag naman si Maria dahil sa pananalitang ito at pinagwari kung ano ang pagbating ito.

At sinabi ng anghel sa kanya: "Huwag kang matakot, Maria, dahil may magandang niloloob ang Diyos para sa iyo. At ngayo'y maglilihi ka at manganganak ng isang lalaki na pangangalanan mong Jesus. Magiging dakila siya at tatawagin siyang Anak ng Kataas-taasan, at ibibigay sa kanya ng Panginoong Diyos ang trono ng kanyang ninunong si David. Maghahari siya sa angkan ni Jacob magpakailanman; talaga ngang walang katapusan ang kanyang paghahari."

Sinabi ni Maria sa anghel: "Paanong mangyayari ito gayong di ako ginagalaw ng lalaki?" At sumagot sa kanya ang anghel: "Papanaog sa iyo ang Espiritu Santo at lililiman ka ng kapangyarihan ng Kataas-taasan kaya magiging banal ang isisilang at tatawaging Anak ng Diyos. At nagdala naman ngayon ang pinsan mong si Elizabeth sa kabila ng kanyang katandaan, at siyang itinuturing na baog ay nasa ikaanim na buwan na. Wala ngang imposible sa Diyos."

Sinabi naman ni Maria: "Narito ang utusan ng Panginoon, mangyari nawa sa akin ang iyong sinabi." At nilisan siya ng anghel.



"Papanaog sa iyo ang Espiritu Santo at lililiman ka ng kapangyarihan ng Kataas-taasan kaya magiging banal ang isisilang at tatawaging Anak ng Diyos."

DATE OF ESTABLISHMENT: 1991, Mother of Divine Providence Parish

Pagmamasiid

Nasabihan ka na ba ng kaibigan na may magandang mangyayari sa iyo, at sumagot ka na mangyari nawa ang sinabi mo?

Paghahawi

Sinabi ni Maria kay Anghel Gabriel: "Narito ang utusan ng Panginoon, mangyari nawa sa akin ang iyong sinabi."

Pagtatabas

Matutularan ko ba ang Inang Maria sa pagsabing mangyari nawa ang kalooban ng Diyos tungkol sa pagsilang niya kay Jesus sa pamamagitan ng Banal na Espiritu?

Pagsasaayos

Karaniwan, natutuwa tayo kung may magsasabi na may magandang mangyayari sa atin. Minsan hindi natin maintindihan kung bakit may pangyayaring parang himala, tulad ng nangyari kay Inang Maria, maglilihi nang hindi pa kasal. Ngunit sa halip na tumanggi o magtanong nang labis, tinanggap ni Maria ang kalooban ng Diyos nang may buong kababaang-loob.

Kung ganap ang ating tiwala sa Diyos, sasang-ayon tayo sa plano Niya, kahit hindi nating gaanong maunawaan ito. Sa kanyang "fiat," nagsimula ang katuparan ng kaligtasan. Nawa'y tayo rin maging tagapagdala ng pag-asa habang hinihintay si Kristo.

Pagdiriwang

Ama, modelo si Maria sa pagkamasunurin sa Inyong kalooban at pagtingin sa sarili bilang utusan Niyo.

Lunes
DISYEMBRE

21



IKA-4 NA LINGGO NG ADBIYENTO

Salteryo: Linggo 4 / (Ube/Puti)

San Pedro Canisio

Salmo 33:2-3, 11-12, 20-21

Panginoò'y papurihan
ng tapat n'yang sambayanan.

Unang Pagbasa: Awit 2:8-14 (o Sofonias 3:14-18a)

Ang tinig ng aking mahal! Masdan, narito na siya, tumatalon sa mga bundok, lumulundag sa mga burol.

Ang mahal ko'y parang gasela o batang lalaking usa. Masdan, nakatayo siya sa likod ng aming dingding, nakadungaw sa mga bintana, nakasilip sa mga sawali.

Ang mahal ko ay nangusap at sinabi sa akin: "Bangon, aking sinta, maganda kong hirang, tayo na.

Tapos na ang taglamig, tila na ang ulan. Lumitaw na ang mga bulaklak sa damuhan, narito na ang panahon ng pag-awit, naririnig na ang huni ng mga kalapati.

Namumunga na ang puno ng igos, at nagsasabog na ng halimuyak ang namumulaklak na mga puno ng ubas. Bangon, maganda kong dilag, tayo na, sinta ko, tayo na.

O aking kalapati sa bitak ng batuhan, sa mga taguan sa dalisdis, ipakita sa akin ang iyong mukha, iparinig ang iyong tinig. Kay ganda ng iyong mukha, kay tamis ng iyong tinig.

Ebanghelyo: Lucas 1:39-45

Nang mga araw ring iyo'y nagmamadaling naglakbay si Maria papunta sa isang bayan sa mataas na lupain ng Juda. Pumasok siya roon sa bahay ni Zacarias at binati si Elizabeth. Nang marinig ni Elizabeth ang bati ni Maria, sumikad ang sanggol sa sinapupunan niya, at napuspos ng Espiritu Santo si Elizabeth at malakas siyang sumigaw at sinabi: "Lubos kang pinagpala sa mga kababaihan. Pinagpala rin ang bunga ng iyong sinapupunan! Sino nga ba naman ako't naparito sa akin ang ina ng aking Panginoon? Nang umabot sa aking pandinig ang iyong pagbati, sumikad sa tuwa ang sanggol sa aking sinapupunan. Pinagpapala ang naniniwalang magaganap ang mga sinabi sa kanya ng Panginoon."

BIRTHDAY: Rev. Fr. Bienvenido Luke D. Dobles

SACERDOTAL ANNIVERSARY:

Most Rev. Antonio R. Tobias, D.D (Bishop Emeritus)

Most Rev. Teodoro C. Bacani, Jr. (Bishop Emeritus)

Pagmamasid

Kapag isang kamag-anak nangangailangan ng tulong mo, magmamadali ka bang tumugon?

Paghahawi

Nagmamadaling naglakbay si Maria papunta sa bahay nina Zacarias at Elizabeth sa mataas na lupain. Parehong nagdadalanta si Maria at Elizabeth.

Pagtatabas

Tulad ba ako ni Inang Maria na handang tumulong sa kanyang pinsang si Elizabeth?

Pagsasaayos

Kahanga-hanga si Maria, na kahit nagdadala ng Anak ng Diyos, buong siglang nagtungo kay Elizabeth upang maglingkod. Sa kanilang pagtatagpo, sumiklab ang kagalakan—sumayaw sa tuwa si Juan sa sinapupunan ni Elizabeth, at napuspos siya ng Espiritu Santo. Sa Adbiyento, tinatawag tayong maglingkod nang may kagalakan, tulad ni Maria. Gaya ni San Pedro Canisio na buong sigasig nagturo at nagpalaganap ng pananampalataya, nagsisilbi rin tayong tagapagdala ng pag-asa. Sa bawat gawaing may malasakit, ipinapadama natin ang presensiya ni Kristo sa mundo. Sa panahon ng paghihintay, mamuhay tayong may pananampalataya, pag-ibig, at galak sa piling ng Diyos

Pagdiriwang

Ama, salamat sa mabuting halimbawa ni Inang Maria sa agad na pagtulong sa kamag-anak, kahit maselan din ang kanyang kalusugan.

IKA-4 NA LINGGO NG ADBIYENTO

Salteryo: Linggo 4 / (Ube)

1 Samuel 2:1, 4-5, 6-7, 8abkd

*Diyos kong Tagapagligtas,
pinupuri kitang wagas.*



Martes
22 DISYEMBRE

Unang Pagbasa: 1 Samuel 1:24-28

Nang maawat na ang bata, isinama siya ni Ana gayundin ang isang torong tatlong taong gulang, ilang takal na harina at isang bote ng alak. Dinala niya ang bata sa Bahay ni Yawe sa Silo. Napakabata pa ng bata.

Pagkakatatay sa toro, dinala niya ang bata kay Eli. Sinabi ni Ana: "Tingnan ninyo, aking panginoon! Ako ang babaeng nakatayo rito noon sa inyong tabi, at nananalangin kay Yawe. Hiniling ko sa kanya ang batang ito at ipinagkaloob naman ni Yawe ang aking kahilingan. Kaya itinuturing ko ngayon na hinihingi siya ni Yawe. Para kay Yawe na siya sa buong buhay niya." At sinamba nila roon si Yawe.

Ebanghelyo: Lucas 1:46-56

*A*t sinabi ni Maria: "Dinadakila ng aking kaluluwa ang Panginoon at nagagalak ang aking espiritu sa Diyos na aking Tagapagligtas dahil isinaalang-alang niya ang abang utusan niya, at mula ngayon, ituturing akong mapalad ng lahat ng salinlahi.

Dakila nga ang ginawa sa akin ng Makapangyarihan, banal ang kanyang Pangalan.

Patuloy ang kanyang awa sa mga salit salinlahi para sa mga may pitagan sa kanya.

Ipinakita niya ang lakas ng kanyang bisig, ipinagtabuyan ang mga taong may mapagmataas na balak.

Pinatalsik niya sa luklukan ang mga makapangyarihan, itinampok naman ang mga bale-wala.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom at itinaboy namang walang-wala ang mayayaman.

Nilingap niya ang Israel na kanyang lingkod, inalaala ang kanyang awa ayon sa ipinangako niya sa ating mga ninuno, kay Abraham at sa kanyang angkan magpakailanman."

Mga tatlong buwang nanatili si Mariang kasama ni Elizabeth at saka nagbalik sa kanyang bahay.

Pagmamasisid

Ang ating mga tinatamasang tagumpay at pagpapala sa buhay, dahil lang ba sa ating sariling kakayanan at pagsisikap o mayroong tumulong sa atin para makamit ito?

Paghahawi

Sinabi ni Maria: "Dinadakila ng aking kaluluwa ang Panginoon at nagagalak ang aking espiritu sa Diyos na aking Tagapagligtas..."

Pagtatabas

Mayroon ba tayong kababaang loob, tulad ni Inang Maria, bukod na pinagpala sa babaeng lahat?

Pagsasaayos

Kapag tumanggap tayo ng parangal o papuri, magandang alalahaning lahat ng biyaya nagmumula sa Diyos. Tulad ni Maria, kinilala niya ang kanyang kababaang-loob at itinuro ang lahat ng papuri sa Panginoon. Sa kanyang Magnificat, ibinunyag ang kabutihan ng Diyos na pumili sa mga aba upang dakilain.

Sa ating paghahanda, hinahamon tayong magpasalamat at maging bukas-palad, sapagkat ang tunay na kadakilaan nasa paglilingkod. Huwag nating angkinin ang papuri, bagkus ialay natin ito sa Diyos na siyang pinagmulan ng lahat ng mabuti. Sa kababaang-loob, mas lumalalim ang ating paghahanda sa pagdating ng Panginoon.

Pagdiriwang

Ama, patawarin Niyo kami kung naging mapagmataas kami sa anumang kakayahang ipinagkatiwala Niyo sa amin. Maraming salamat sa walang sawa Niyong ipinagkakaloob na pagmamahal, awa at pagpapatawad. Purihin Kayo!



Unang Pagbasa:
Malakias 3:1-4, 23-24*

Ebanghelyo: Lucas 1:57-66

Nang sumapit na ang panganganak ni Elizabeth, isang anak na lalaki ang isinilang niya. Narinig ng mga kapitbahay at mga kamag-anakan niya kung gaano nagdalang-awa sa kanya ang Panginoon kayat nakigalak sila sa kanya.

Nang ikawalong araw na, dumating sila para tulii ang sanggol at pangangalanan sana nila itong Zacarias gaya ng kanyang ama. Sumagot naman ang kanyang ina:

“Hindi, tatawagin siyang Juan.” Pero sinabi nila sa kanya: “Wala ka namang kamag-anak na may ganyang pangalan.” Kaya sumenyas sila sa ama ng sanggol kung ano ang gusto niyang itawag dito. Humingi siya ng isang sulatan, at sa pagtataka ng lahat ay kanyang isinulat: “Juan ang pangalan niya.” Noon di’y nabuksan ang kanyang bibig at nakalag ang kanyang dila. Nakapagsalita siya at nagpuri sa Diyos.

Kaya namayani ang banal na pagkatakot sa kanilang mga kapitbahay. At naging usap-usapan ang lahat ng pangyayaring ito sa buong mataas na lupain ng Juda. Nag-isip-isip ang mga nakarinig at nagtanungan: “Ano na kaya ang mangyayari sa sanggol na ito?” Dahil sumasakanya ngang talaga ang kamay ng Panginoon.

Pagmamaisid

Ang mga pangalan natin ngayon maaring galing sa magulang, santo, tanyag na tao, bayani, pinuno, o artista. May malalim ba itong kahulugan sa plano ng Diyos para sa ating buhay, o simpleng tawag lamang ito sa atin?

Paghahawi

Humingi si Zacarias ng sulatan at sa pagtataka ng lahat kanyang sinulat: “Juan ang pangalan nya.” Noon din nabuksan ang kanyang bibig at nakalag ang kanyang dila napagsalita sya at nagpuri sa Diyos.

Pagtatabas

Bakit kaya ‘Juan’ ang sinabi kay Zacarias na pangalan ng magiging anak nila ni Elizabeth?

Pagsasaayos

Hindi sina Zacarias at Elisabet ang pumili ng pangalang “Juan” kundi ang Diyos mismo. Nangangahulugang “Mabuti ang Diyos,” ito’y paalala ng Kanyang katapatan at habag, lalo na sa panahon ng paghihintay. Sa pagsilang ni Juan, nagsimula ang isang bagong yugto ng kaligtasan. Siya ang magiging tinig na maghahanda ng daraanan ni Jesus. Sa panahon ng Adbiyento, hinihikayat tayong tulad ni Zacarias—matutong manahimik, makinig, at sumunod sa kalooban ng Diyos, kahit may pag-aalinlangan. Patuloy Niyang tinutupad ang Kanyang mga pangako sa paraan at panahon na higit pa sa ating inaasahan.

Pagdiriwang

Ama, pagpalain N’yo ang aming pangalan upang magamit sa paglilingkod at pagpapatotoo sa Inyong kabutihan at katapatan.

IKa-4 NA LINGGO NG ADIBYENTO

Salteryo: Linggo 4 / (Ube)

Salmo 89:2-3, 4-5, 27 at 29

*Pag-ibig mong walang maliw
ay lagi kong sasambitin.*



Huwebes
24 DISYEMBRE

Unang Pagbasa:

2 Samuel 7:1-5, 8b-12, 14a, 16*

(...) Ito ang sinasabi ni Yawe ng mga Hukbo: Kinuha kita sa pastulan at mula sa pagsunod sa kawan para maging pinuno ng aking bayang Israel. Sumaiyo ako saan ka man pumunta, at pinuksa ko sa harap mo ang lahat mong kaaway. At ngayon, patatanyagin ko ang iyong pagalan tulad sa mga dakilang tao sa daigdig. Magtatakda ako ng lugar para sa aking bayang Israel at doon ko sila ipupunla upang mabuhay sila sa sarili nilang lugar. Wala nang gugulo sa kanila at hindi na muling sisiilin ng masasama gaya noong una. Mula nang humirang ako ng mga hukom sa aking bayang Israel, ikaw lamang ang binigyan ko ng kapahingahan mula sa lahat ng kaaway. At sinasabi sa iyo ni Yawe na siya mismo ang magtatayo ng bahay para sa iyo. (...)

Ebanghelyo: Lucas 1:67-79

Napuspos ng Espiritu Santo ang ama niyang si Zacarias at nagpropesiya nang ganito: “Purihin ang Panginoon, ang Diyos ng Israel, dahil nilingap niya at tinubos ang kanyang bayan.

Mula sa sambahayan ni David na kanyang lingkod, ibinangon niya ang magliligtas sa atin, ayon sa ipinangako niya noong una sa pamamagitan ng mga banal niyang propeta: kaligtasan mula sa ating mga kaaway at sa kamay ng mga namumuhi sa atin.

Nagpakita siya ng awa sa ating mga ninuno at inalaala ang banal niyang tipan, ang pangakong sinumpaang niya sa ating amang si Abraham na ililigtas tayo sa kamay ng ating mga kaaway, upang walang takot natin siyang mapaglingkuran, nang may kabanalan at katarungan sa harap niya sa buong buhay natin.

At ikaw naman na munti pang anak ay tatawaging propeta ng Kataas-taasan. Mangunguna ka nga sa Panginoon para ihanda ang kanyang daan.

Ituturo mo ang kaligtasan sa kanyang bayan sa pagpapatawad niya sa kanilang mga sala.

Ito ang gagawin ng maawaing nating Diyos sa pagpapasikat niya sa atin ng araw na galing sa kaitaasan upang liwanagan ang mga nananatili sa kadiliman at sa lilim ng kamatayan, at akayin ang ating mga yapak sa daan ng kapayapaan.”

BIRTHDAY: Rev. Msgr. Jesus Romulo C. Rañada

Pagmamasiid

Ano ang mga pangakong nais mong marinig at matupad?

Paghahawi

Ang propesiya ni Zacarias na puspos ng Espiritu Santo: “Ipinangako ng Diyos ng Israel sa Kanyang mga banal na propeta... at sa ating amang, si Abraham, ang kaligtasan natin mula sa ating kaaway... upang walang takot natin siyang mapaglingkuran, nang may kabanalan at katarungan sa buong buhay natin.”

Pagtatabas

Ang pangako ba ng Diyos ang aking pinapakinggan at inaasahan sa bawat oras?

Pagsasaayos

Tinutupad ng Diyos ang Kanyang mga pangako sa gitna ng katahimikan at paghihintay. Ipinahayag ni Zacarias ang papuri sa Diyos na tumubos sa Kanyang bayan at nagpadala ng liwanag sa mga nasa dilim. Inaanyayahan tayong muling manalig sa liwanag na dulot ni Kristo. Habang nilalakbay natin ang mga araw ng paghahanda, bigyang saysay natin ang ating pananampalataya sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng Kanyang aral. Nawa’y maging tulad tayo ni Juan Bautista—tagapaghanda ng landas ng Panginoon, tagapaghatid ng pag-asa at liwanag sa mundong naghahangad ng tunay na kapayapaan.

Pagdiriwang

Purihin Kayo, Ama. Nawa, ang aming paglilingkod sa Inyo at kapwa, manatiling walang takot, makatarungan, at puno ng Inyong grasya.


Ang Kapaskuhan

*A*ng Panahon ng KAPASKUHAN ay magsisimula sa Disyembre 25 at magtatapos sa Kapistahan ng Pagbibinyag ni Kristo. Ipinagdiriwang sa panahong ito ang pambihira at masayang kaganapan noong isinilang ang Anak ng Diyos ng Mahal na Birheng Maria at tumira sa gitna natin, naging katulad natin sa lahat ng bagay maliban sa kasalanan. Ang Pasko ay ang kuwento ng kababaang-loob ng Diyos, ng pagpanaog ni Kristo sa atin, upang sa gayon sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay maaari tayong umakyat kasama niya sa kanyang Kaharian sa Langit.

Ang ilan pang mga kapistahan sa panahon ng Kapaskuhan ay nauugnay sa pagdiriwang ng kapanganakan ni Kristo. Ito ang mga Kapistahan ng Banal na Pamilya, Maria Ina ni Diyos, Epipanya o Pagpapakita ng Panginoon, at Pagbautismo o Pagbibinyag sa Panginoon. Sa Pilipinas naman ipinagdiriwang din ang Pambansang Kapistahan ng Santo Niño, sa Ikalawang Linggo sa Karaniwang Panahon. Pinapalawak nito sa isang espesyal na paraan ang kagalakan ng Pasko.

Sa Panahon ng Kapaskuhan ang mga pagbasa sa Bibliya, mga pambungad na panalangin, at ang mga Prepasyo ay nagpapaliwanag sa kahulugan ng kapanganakan ng ating Panginoon: bagama't nagkatawang-tao, nananatili siyang Diyos; kaya ang kanyang ina ay ang Ina ng Diyos; naging bahagi siya ng isang pamilya, napapailalim sa awtoridad ng kanyang mga magulang; siya ay inusig kahit noong siya ay bata pa; siya ay ipinahayag hindi lamang sa piniling bayan kundi sa buong sangkatauhan; at sa pagbibinyag sa Kanya sa Jordan ay hinirang siya ng Espiritu Santo at ipinadala sa kanyang misyon sa mundo bilang Mesiyas.





Unang Pagbasa: Isaia 52:7-10

Ikalawang Pagbasa: Hebreo 1:1-6

Ebanghelyo: Juan 1:1-18

Sa simula'y naroroon na nga ang Wikang Salita, at naroroong kaharap ng Diyos ang Salita, at Diyos ang Salita. Naroroon na nga siyang kaharap ng Diyos sa simula. Sa pamamagitan niya nayari tanang mga bagay, at hiwalay sa kanya'y walang anumang nayari. Ang niyari ay sa kanya nagkabuhay, at ang buhay ang liwanag para sa mga tao. Nagningning sa karimlan ang liwanag at di ito nasugpo ng karimlan. May taong sugo ang Diyos – Juan ang kanyang pangalan. Dumating siya para sa pagpapatunay, para magpatunay tungkol sa Liwanag, upang makapanalig ang lahat sa pamamagitan niya. Hindi siya mismo ang Liwanag, kundi para magpatunay tungkol sa Liwanag.

Pagkat paparating noon sa mundo ang Liwanag na totoo na siyang nagliliwanag sa bawat tao. Nasa mundo na nga siya, ang mundong nayari sa pamamagitan niya, at di naman siya kinilala ng mundo.

Sa sariling kanya siya dumating at hindi siya tinanggap ng mga kanya. Ngunit sa lahat ng tumanggap sa kanya sa pananalig sa kanyang Pangalan, binigyang-kakayahang nga niya sila na maging mga anak ng Diyos.

Ipinanganak nga sila, hindi mula sa dugo, ni mula sa kagustuhan ng laman, ni sa kagustuhan ng lalaki kundi mula sa Diyos. At naging laman ang Wikang-Salita, at itinayo ang kanyang Tolda sa atin, at nakita natin ang kanyang Luwalhati, Luwalhating mula sa Ama na bagay sa bugtong na Anak, lipos ng Kagandahang-loob at Katotohanan. Nagpapatunay sa kanya si Juan at isinisigaw: “Siya ang sinabi kong ‘Nauna na sa akin ang dumating na kasunod ko, pagkat bago ako’y siya na.’” Mula sa kanyang kapuspusan nga tumanggap tayong lahat – oo, abut-abot na kagandahang-loob.

Sa pamamagitan ni Moises ibinigay ang Batas, sa pamamagitan naman ni Jesucristo dumating ang Kagandahang-loob at Katotohanan. Kailanma’y walang sinumang nakakita sa Diyos; ang Diyos na Anak na bugtong siyang nasa kandungan ng Ama – ang nagpahayag sa kanya.

Pagmamasisid

Ano ang diwa ng Pasko para sa iyo?

Paghahawi

Naging tao ang Wikang-Salita...nakita natin ang kanyang Luwalhati... mula sa Ama... puno ng Kagandahang-loob at Katotohanan.

Pagtatabas

Sa ating kaalaman at karanasan, puno ba ng kagandahang loob at katotohanan ang Panginoong Jesus, ang Wikang-Salita?

Pagsasaayos

Ang Pasko ang pagsilang ni Jesus, ang Diyos Anak, Salitang nagkatawang-tao, sanlibutan, ang Mesiya at Tagapagligtas ng sanlibutan. Ipanakita sa lahat paano sumunod sa Kalooban ng Ama hanggang kamatayan. Puro Katotohanan ang Kanyang mga sinabi. Kagandahang-loob ang ating nakita sa buhay Niya, sa Kanyang pagtuturo at pagpapagaling ng maysakit.

Ang pagdiriwang ng Pasko ng pagsilang ni Jesus, ang Diyos Anak, ang Salita na nagkatawang-tao. Siya ang Mesiya at Tagapagligtas ng sanlibutan, isinugo upang ipakita sa atin kung paano sumunod sa Kalooban ng Ama—hanggang sa kamatayan sa krus.

Sa Kanyang buhay, puro Katotohanan ang Kanyang ipinahayag. Hindi Siya nagsalita ng ayon sa pansariling layunin, kundi ayon sa kalooban ng Diyos Ama (cf. Juan 12:49). Ang Kanyang mga salita ay liwanag sa gitna ng kadiliman, gabay sa mga naliligaw, at pag-asa sa mga nawawalan ng lakas.

Pagdiriwang

Ama, buong galak naming ipinagdiriwang ang Pasko, ang pagsilang ng aming Mesiya mula sa Inyo. Alleluia!

KAPISTAHAN NI SAN ESTEBAN, UNANG MARTIR

Salteryo: Hanay ng mga Banal / (Pula)

Salmo 31:3kd-4, 6 at 8ab, 16bk at 17

Poon, sa mga kamay mo
habilin ko ang buhay ko.



Unang Pagbasa: Gawa 6:8-10; 7:54-59

Puspos ng biyaya at lakas si Esteban at gumawa siya ng mga tanda at kababalaghan sa bayan. Ngunit may lumaban kay Esteban, nakipagtalo sa kanya ang ilan mula sa sinagoga na tinatawag na "Mga Pinalaya, mga taga-Cirene at taga-Alejandria" at ang iba pa'y taga-Cilicia at Asia. Ngunit wala silang laban sa Espiritu at karunungan ng kanyang pananalita.

Nang marinig nila ito, nag-apoy ang kanilang galit at nagngalit ang ngipin laban sa kanya. Ngunit puspos naman sa Espiritu Santo si Esteban; tumingala siya sa langit at nakita niya ang Luwalhati ng Diyos, at si Jesus na nasa kanan ng Diyos. Sinabi niya: "Nakikita kong bukas ang kalangitan, at ang Anak ng Tao sa kanan ng Diyos."

Kaya nagsigawan sila, tinakpan ang kanilang mga tainga, at sabay-sabay siyang sinunggaban. Kinaladkad nila si Esteban sa labas ng lunsod at pinagbabato. Hinubad naman ng mga saksi ang kanilang mga damit at iniwan sa paanan ng isang kabataang nagngangalang Saulo. Nanalangin si Esteban habang binabato nila siya: "Panginoong Jesus, tanggapin mo ang aking espiritu."

Ebanghelyo: Mateo 10:17-22

Mag-ingat sa mga tao; ibibigay nga nila kayo sa mga sanggunian at hahagupitin kayo sa kanilang mga sinagoga. Dadalhin din nila kayo sa mga pinuno at mga hari dahil sa akin, at dapat kayong magbigay-patotoo sa kanila at sa mga pagano.

Pag nilitis naman kayo, huwag mag-alala sa inyong sasabihin; sa oras na iyo'y ibibigay nga sa inyo ang inyong sasabihin. Sapagkat hindi kayo ang magsasalita kundi ang Espiritu ng inyong Ama ang magsasalita sa pamamagitan ninyo.

Ipapapatay ng kapatid ang sariling kapatid, ng ama ang kanyang anak; at isasakdal ng mga anak ang kanilang mga magulang at ipapapatay sila. Kamumuhian kayo ng lahat dahil sa akin, ngunit ang mananatiling matatag hanggang wakas ang siyang maliligtas.

Pagmamaisid

Ano ang iyong mararamdaman kung binatikos ka sa madla?

Paghahawi

Ipinahayag ni Jesus na ang mga tagasunod Niya, haaharap sa mga pagsubok sa pananampalataya, mga batikos dahil sa Kanya. Ipinangako Niya na tutulong sila maging tapat.

Pagtatabas

Kaya ko bang harapin at ipagtanggol ng mapayapa ang mga batikos tungkol sa pananampalataya ko sa Panginoong Jesus?

Pagsasaayos

Sa kasalukuyan, hindi pinahahalagahan at isinasantabi ang pananampalataya at madalas binabatikos, dahil sa makaluma raw nitong pananaw. Paano tayo maninindigan para dito? Inaalala natin si San Esteban, ang unang nanindigan sa pananampalataya kay Hesukristo, at namatay sa pagbabato dahil dito.

Hindi kailanman mawawala ang kahalagahan ng ating pananampalataya, tulad ng pagpapahalaga sa buhay, katarungan at kagandahang-asal. Hindi tayo mag-isa sa labang ito, dahil di pababayaan ng Diyos ang ating buhay espirituwal.

Pagdiriwang

Panginoong Jesukristo, palakasin ang aming kalooban, tulad ng pagpapalakas mo sa loob ni San Esteban. upang manatiling kaming tapat sa mga aral Niyo.

KAPISTAHAN NG BANAL NA MAG-ANAK JESUS, MARIA AT JOSE

Salteryo: Hanay ng mga Banal / (Puti)

Salmo 105:1-2, 3-4, 5-6, 8-9 (7a, 8a)
*Magpakailanman niyang naaalaala
ang kanyang tipan na pinaiiral niya
sa sanlibong salinlahi.*



Unang Pagbasa: Genesis 15:1-6; 21:1-3 (o Sirac 3:2-6, 12-14)

Isang salita ni Yawe ang dumating kay Abram sa pangitain: “Huwag kang matakot, Abram. Ako ang iyong kalasag; kay laki ng magiging gantimpala mo!” Sinabi ni Abram: “Yaweng Panginoon ko, ano ang maibibigay mo sa akin? Mamamatay akong walang anak, kaya mapupunta lamang kay Eliezer ng Damasco ang lahat ng aking ari-arian. Hindi mo ako binigyan ng anak, kaya isa sa mga alipin ko ang aking magiging tagapagmana.” At sa mga sandaling iyon, isang salita ni Yawe ang muling dumating kay Abram: “Hindi si Eliezer ang magiging tagapagmana mo, kundi ang isang anak na lalaki na isisilang mula sa iyo.” Kaya inilabas siya ni Yawe at sinabi sa kanya: “Tumingala ka sa langit, at bilangin ang mga bituin kung kaya mo. Ganyan din ang magiging mga inapoy mo.”

Naniwala si Abram kay Yawe at dahil dito kinilala siya ni Yawe na matuwid.

Nagmagandang-loob si Yawe kay Sara gaya ng kanyang sinabi at tinupad niya ang kanyang pangako.

Nagdalandtao si Sara at nagkaanak ng isang lalaki kay Abraham sa katandaan nito, sa petsang ipinangako ng Diyos. Isaac ang ipinangalan ni Abraham sa kanyang anak na isinilang ni Sara.

Ikalawang Pagbasa: Hebreo 11:8, 11-12, 17-19 (o Colosas 3:12-21)

Sa pananampalataya, sumunod si Abraham pagkatawag sa kanya, at pumunta sa lupaing magiging kanya. Sapagkat umalis siya nang hindi nalalaman ang pupuntahan.

Sa pananampalataya, binigyan siya ng ka-kayahang magkaanak – gayong matanda na siya at baog pa si Sara – dahil pinaniwalaan niya ang nangako sa kanya. Kaya mula sa iisang tao lamang na naupos na, isinilang ang *napakarami gaya ng mga bituin sa langit, gaya ng di-mabilang na buhangin sa tabing-dagat.*

Sa pananampalataya, nang subukin si Abraham, inialay niya si Isaac; inihandog ang bugtong na anak na siya sanang dapat tumanggap sa ipinangako, ayon sa sinabing: *Mamanahin ng lahi ni Isaac ang iyong pangalan.* Naisip nga talaga ni Abraham na maibabangon ng Diyos ang mga patay kaya nabawi niya si Isaac. Makahulugan nga ito.

Ebanghelyo: Lucas 2:22-40

Nang dumating na ang araw ng paglilinis nila ayon sa Batas ni Moises, dinala ang sanggol sa Jerusalem para iharap sa Panginoon – tulad ng nasusulat sa Batas ng Panginoon: *Lahat ng panganay na lalaki ay ituturing na banal para sa Panginoon.* Dapat din silang mag-alay ng sakripisyo tulad ng binabanggit sa Batas ng Panginoon: isang pares na batubato o dalawang inakay na kalapati.

Ngayon, sa Jerusalem ay may isang taong nagngangalang Simeon; totoong matuwid at makadiyos ang taong iyon. Hinihintay niya ang pagpapaginhawa ng Panginoon sa Israel at sumasakanya ang Espiritu Santo. Ipinaalam naman sa kanya ng Espiritu Santo na hindi siya mamamatay hangga’t hindi niya nakikita ang Mesiyas ng Panginoon. Kaya pumunta siya ngayon sa Templo sa pagtutulak ng Espiritu, nang dalhin ng mga magulang ang batang si Jesus para tuparin ang kaugaliang naaayon sa Batas tungkol sa kanya.

Kinalong siya ni Simeon sa kanyang mga braso at pinuri ang Diyos, at sinabi: “Mapayayaon mo na ang iyong utusan, Panginoon, nang may kapayapaan ayon na rin sa iyong wika; pagkat nakita na ng aking mga mata ang iyong pagliligtas na inihanda mo sa paningin ng lahat ng bansa, ang liwanag na ibubunyag mo sa mga bansang pagano at ang luwalhati ng iyong bayang Israel.”

Nagtataka ang ama at ina ng bata sa mga sina-sabi tungkol sa kanya. Pinagpala naman sila ni Simeon at sinabi kay Mariang ina ng bata: “Dahil sa kanya, babagsak o babangon ang mga Israelita at magiging tanda siya sa harap nila at kanilang sasalungatin. Kaya mahahayag ang lihim na pag-iisip ng mga tao. Ngunit paglalagusan naman ng isang punyal ang puso mo.”

May isa ring babaeng propeta, si Ana na anak ni Panuel na mula sa tribu ng Aser. Matandang-matanda na siya. Pagkaalis sa bahay ng kanyang ama, pitong taon lamang silang nagsama ng kanyang asawa, at nagbuhay-biyuda na siya at hindi siya umaalis sa Templo. Araw-gabi siyang sumasamba sa Diyos sa pag-aayuno at pananalangin. Walumpu’t apat na taon na siya. Sa pagakyat niya sa sandaling iyon, nagpuri rin siya sa Diyos at nagpahayag tungkol sa bata sa lahat ng naghihintay sa katubusan ng Jerusalem.

Nang matupad na ang lahat ng ayon sa Batas ng Panginoon, umuwi sila sa kanilang bayan, sa Nazaret sa Galilea. Lumalaki at lumalakas ang bata; napuspos siya ng karunungan at sumasakanya ang kagandahang-loob ng Diyos.



“Nang matupad na ang lahat ng ayon sa Batas ng Panginoon, umuwi sila sa kanilang bayan, sa Nazaret sa Galilea.”

Pagmamasisid

Gaano tayo katiyaga sa paghihintay sa katuparan ng pangako ng isang kaibigan o mahal sa buhay?

Paghahawi

Matiyagang hinintay nina Simeon at Ana ang kaganapan ng pangako sa kanila ng Panginoon, ... at sa wakas, nakita nila itong naganap.

Pagtatabas


Paano maging matiyaga sa paghihintay ng mabuting kaganapan ng Diyos?

Pagsasaayos

Hindi lahat ng mabuti mabilis mangyari. Tulad ng pagdadalangtao, pagluluto, o pagdating ng bukung-liwayway, may tamang panahon ang katuparan. Sa templo, matiyagang naghihintay sina Simeon at Ana—isang tanda ng pusong tapat at umaasa sa Diyos. Sa pagdiriwang ng Pasko at Kapistahan ng Banal na Pamilya, paanyaya ito na linangin ang pananampalatayang marunong maghintay, magtiwala, at magpuri. Sa tahananang inuugatan ng panalangin, tulad ng kay Jose, Maria, at Jesus, umuusbong ang tunay na kabanalan. Hilingin natin ang biyaya ng pananalig na handang tumanggap sa katuparan ng mga pangako ng Diyos, sa Kanyang tamang oras.

Pagdiriwang

Panginoong Jesukristo, katulad ni Simeon, nawa makakanta kami ng pasasalamat, sapagkat nakita na namin ang kagandahang-loob ng Diyos sa pamamagitan Ninyo.



Unang Pagbasa: 1 Juan 1:5—2:2

Ebanghelyo: Mateo 2:13-18

Pagkaalis ng mga pantas, napakita kay Jose ang Anghel ng Panginoon sa panaginip at sinabi: “Bumangon ka, dalhin ang sanggol at ang kanyang ina at tumakas pa-Ehipto. Manatili ka roon hanggang sa tawagin ko kayo. Hahanapin nga ni Herodes ang sanggol para patayin.”

Bumangon si Jose, at nang gabi ring iyo’y dinala ang sanggol at ang ina nito pa-Ehipto. Doon sila nanirahan hanggang mamatay si Herodes. Sa ganito natupad ang sinabi ng Panginoon sa pamamagitan ng Propeta: “Tinawag ko ang aking anak mula sa Ehipto.”

Nagalit naman si Herodes nang malaman nito na napaglalangan siya ng mga pantas. Kaya iniutos niyang patayin ang lahat ng batang lalaki sa Betlehem at mga karatig nito, mga batang may dalawang taong gulang pababa, batay sa panahon ng pag-sikat ng tala ayon sa mga pantas.

Kaya nagkatotoo ang sinabi ni Propeta Jeremias: “*Narinig sa Rama ang pagtangis, iyakan at malakas na panaghuyan: iniijakan ni Raquel ang kanyang mga anak at ayaw paaliw pagkat wala na sila.*”

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Noel N. Bacasnot

Pagmamasisid

Nanaginip ka na ba na kailangang umalis sa isang lugar dahil sa panganib, at umalis ka? Paano ka tumutugon sa babala?

Paghahawi

Nagpakita kay Jose ang Anghel ng Panginoon at sinabi: “dalhin ang sanggol at ang kanyang ina, at tumakas pa-Ehipto. Manatili ka roon hanggang tawagin ko kayo.”

Pagtatabas

Tulad ba ako ni Jose na susundin ang babala at lalayo sa panganib?

Pagsasaayos

Marahil, bihira tayong makakita ng anghel sa ating panaginip. Subalit kapag nagbabala ang isang kaibigan tungkol sa panganib, maaaring sundin natin ang kanyang payo—lalo na kung wala tayong iwanang mahalagang bagay sa lugar na iyon. Naniniwala tayo na mas mabuting iligtas ang sarili kaysa magsisi sa huli.

Alam natin na nakakabuti kay Jesus ang pagpunta ng kanyang pamilya sa Ehipto, sapagkat pinapatay ni Herodes ang maraming sanggol dahil sa takot na may isang sanggol na aagaw sa kanyang kapangyarihan.

Sa ating panahon, maaaring hindi anghel ang nagpapayo sa atin, kundi mga taong nagmamalasakit. Sa bawat babala o paalala, naroon ang paanyaya ng Diyos na pangalagaan ang buhay at magtiwala sa Kanyang paggabay.

Pagdiriwang

Ama, nagtiwala kami na sa piling Niyo, ligtas kami.

IKA-5 ARAW NG PAGDIRIWANG SA PASKO NG PAGSILANG

Salteryo: Hanay ng mga Panahon / (Puti)
Santo Tomas Becket

Salmo 96:1-2a, 2b-3, 5b-6

*Magalak ang kalangitan,
at daigdig ay magdiwang.*



Martes
29 **DISYEMBRE**

Unang Pagbasa: 1 Juan 2:3-11*

Ebanghelyo: Lucas 2:22-35

Nang dumating na ang araw ng paglilinis nila ayon sa Batas ni Moises, dinala ang sanggol sa Jerusalem para iharap sa Panginoon – tulad ng nasusulat sa Batas ng Panginoon: *Lahat ng panganay na lalaki ay ituturing na banal para sa Panginoon.* Dapat din silang mag-alay ng sakripisyo tulad ng binabanggit sa Batas ng Panginoon: *isang pares na batubato o dalawang inakay na kalapati.*

Ngayon, sa Jerusalem ay may isang taong nagngangalang Simeon; totoong matuwid at makadiyos ang taong iyon. Hinihintay niya ang pagpapaginhawa ng Panginoon sa Israel at sumasakanya ang Espiritu Santo. Ipinaalam naman sa kanya ng Espiritu Santo na hindi siya mamamatay hangga't hindi niya nakikita ang Mesiyas ng Panginoon. Kaya pumunta siya ngayon sa Templo sa pagtutalak ng Espiritu,

nang dalhin ng mga magulang ang batang si Jesus para tuparin ang kaugaliang naaayon sa Batas tungkol sa kanya.

Kinalong siya ni Simeon sa kanyang mga braso at pinuri ang Diyos, at sinabi: “Mapa-yayaon mo na ang iyong utusan, Panginoon, nang may kapayapaan ayon na rin sa iyong wika; pagkat nakita na ng aking mga mata ang iyong pagliligtas na inihanda mo sa paningin ng lahat ng bansa, ang liwanag na ibubunyag mo sa mga bansang pagano at ang luwalhati ng iyong bayang Israel.”

Nagtataka ang ama at ina ng bata sa mga sinasabi tungkol sa kanya. Pinagpala naman sila ni Simeon at sinabi kay Mariang ina ng bata: “Dahil sa kanya, babagsak o babangon ang mga Israelita at magiging tanda siya sa harap nila at kanilang sasalungatin. Kaya mahahayag ang lihim na pag-iisip ng mga tao. Ngunit paglalagusan naman ng isang punyal ang puso mo.”

BIRTHDAY: Rev. Fr. Jaime Z. Lara

PARISH FIESTA:

Sagrada Familia Parish | Holy Family Parish

Pagmamasisid

Sa ating kultura, binabasbasan at ipinapanalangin ang sanggol, bilang tanda ng tiwala sa Diyos para sa kanyang kinabukasan.

Paghahawi

Pinagpala naman sila ni Simeon at sinabi kay Mariang ina ng bata: “Dahil sa kanya, babagsak o babangon ang mga Israelita at magiging tanda siya sa harap nila at kanilang sasalungatin. Kaya mahahayag ang lihim na pag-iisip ng mga tao. Ngunit paglalagusan naman ng isang punyal ang puso mo.”

Pagtatabas

Kung maririnig kong masasaktan ang anak kong pinupuri ng lahat, magdadalang-isip akong maniwal. Ngunit sa pananampalataya, kakayaning tanggapin ang anumang kapalaran, sapagkat ang Diyos ang may hawak ng bukas.

Pagsasaayos

Sa templo, narinig ni Maria ang papuri para sa sanggol na si Jesus, ngunit kasabay nito ang babala ng pagdurusa. Sa pananampalataya, handa siyang ialay ang Anak sa Diyos. Sa paggunita kay Santo Tomas Becket, isang obispo na tumanggap ng panganib alang-alang sa katotohanan, napapaalalahanan tayong manindigan sa gitna ng takot. Sa Pasko, habang pinagninilayan natin ang pagsilang ni Kristo, tanggapin din natin ang tawag na magtiwala at sumunod sa Diyos kahit sa gitna ng pagdurusa.

Pagdiriwang

Ama, kalingain Ninyo ang mga batang iniaalay sa Inyo, at patnubayan sila sa gitna ng panganib.



**IKA-6 NA ARAW NG PAGDIRIWANG SA
PASKO NG PAGSILANG**

Salteryo: Hanay ng mga Panahon / (Puti)

Salmo 96:7-8a, 8b-9, 10
*Magalak ang kalangitan
at daigdig ay magdiwang.*

Unang Pagbasa: 1 Juan 2:12-17

Minamahal na mga anak, ito ang aking sinusulat sa inyo: pinatawad na ang inyong mga kasalanan sa Pangalan niya.

Mga ama, ito ang sulat ko sa inyo: Kilala na ninyo ang Siyang mula sa simula pa Mga kabataan, ito ang sulat ko sa inyo: nadaig na ninyo ang Masama.

Sa inyo ako sumulat, mga anak sapagkat kilala na ninyo ang Ama Sa inyo ako sumulat, mga kabataan, sapagkat kilala ninyo ang siyang mula sa simula pa.

Sa inyo ako sumulat, mga kabataan, sapagkat malalakas kayo at sa inyo nananatili ang salita ng Diyos: nadaig nga ninyo ang Masama.

Huwag ninyong mahalin ang mundo ni ang taglay ng mundo Kung may nagmamahal sa mundo, wala sa kanya ang pag-ibig ng Ama.

Pagkat sa mundo – galing ang lahat ng taglay ng mundo, makalupang pagnanasa kasakiman ng mata at pagmamalaki sa sariling lakas ito'y hindi galing sa Ama.

At lumilipas ang mundo kasama ang pagnanasa nito ngunit magpakailanmang nananatili ang tumutupad sa kalooban ng Diyos

Ebanghelyo: Lucas 2:36-40

May isa ring babaeng propeta, si Ana na anak ni Panuel na mula sa tribu ng Aser. Matandang-matanda na siya. Pagkaalis sa bahay ng kanyang ama, pitong taon lamang silang nagsama ng kanyang asawa, at nagbuhay-biyuda na siya at hindi siya umaalis sa Templo. Araw-gabi siyang sumasamba sa Diyos sa pag-aayuno at pananalangin. Walumpu't apat na taon na siya. Sa pag-akyat niya sa sandaling iyon, nagpuri rin siya sa Diyos at nagpahayag tungkol sa bata sa lahat ng naghihintay sa katubusan ng Jerusalem.

Nang matupad na ang lahat ng ayon sa Batas ng Panginoon, umuwi sila sa kanilang bayan, sa Nazaret sa Galilea. Lumalaki at lumalakas ang bata; napuspos siya ng karunungan at sumasakanya ang kagandahang-loob ng Diyos.

Pagmamasisid

Kaya ko bang maghintay na matupad ang aking minimithi?

Paghahawi

May matandang biyudang propeta, si Ana. Walumpu't apat na taon na siya. Araw-gabi siyang sumasamba sa Diyos sa pag-aayuno at pananalangin. Nagpuri siya sa Diyos, at nagpahayag tungkol sa bata, sa lahat ng naghihintay sa katubusan ng Jerusalem.

Pagtatabas

Meron ba sa aming parokya na tulad ni Ana na parang propetang naghihintay sa pagdating ni Jesus sa mga puso ng nagsisimba at ibang parokyano?

Pagsasaayos

Kahanga-hanga si Propetang Ana, na sa kabila ng katandaan, patuloy na nag-aayuno, nananalangin, at nananahan sa templo. Hindi siya nawalan ng pag-asa sa katuparan ng pangako ng Diyos. Sa kanyang pagtitiyaga, nakita niya ang liwanag ng kaligtasan—ang batang Hesus. Tulad ni Ana, nawa magpatuloy tayo sa paglilingkod, anuman ang edad, sa pananalig na may saysay ang bawat araw na iniaalay sa Diyos. Sa ating paggunita kay San Silvestre, paanyaya ito na tapusin ang taon nang may pananampalataya, at salubungin ang bagong taon nang may panibagong sigasig sa paggawa ng kabutihan para sa Diyos at sa sambayanan.

Pagdiriwang

Ama, pagpalain Niyo ang aming buhay na pahiram Niyo, upang matupad ang mabuting minimithi para sa aming parokya at bayan.

IKA-7 ARAW NG PAGDIRIWANG SA PASKO NG Pagsilang

Salteryo: Hanay ng mga Panahon / (Puti)
San Silvestre I

Salmo 96:1-2, 11-12, 13
*Magalak ang kalangitan
at daigdig ay magdiwang.*



Hawebes
31 **DISYEMBRE**

Unang Pagbasa: 1 Juan 2:18-21

Ebanghelyo: Juan 1:1-18

Sa simula'y naroroon na nga ang Wikang Salita, at naroroong kaharap ng Diyos ang Salita, at Diyos ang Salita.

Naroroon na nga siyang kaharap ng Diyos sa simula. Sa pamamagitan niya nayari tanang mga bagay, at hiwalay sa kanya'y walang anumang nayari. Ang niyari ay sa kanya nagkabuhay, at ang buhay ang liwanag para sa mga tao.

Nagningning sa karimlan ang liwanag at di ito nasugpo ng karimlan. May taong sugo ang Diyos – Juan ang kanyang pangalan.

Dumating siya para sa pagpapatunay, para magpatunay tungkol sa Liwanag, upang makapanalig ang lahat sa pamamagitan niya.

Hindi siya mismo ang Liwanag, kundi para magpatunay tungkol sa Liwanag. Pagkat paparating noon sa mundo ang Liwanag na totoo na siyang nagliliwanag sa bawat tao. Nasa mundo na nga siya, ang mundong nayari sa pamamagitan niya, at di naman siya kinilala ng mundo.

Sa sariling kanya siya dumating at hindi siya tinanggap ng mga kanya.

Ngunit sa lahat ng tumanggap sa kanya sa pananalig sa kanyang Pangalan, binigyang-kakayahan nga niya sila na maging mga anak ng Diyos. Ipinanganak nga sila, hindi mula sa dugo, ni mula sa kagustuhan ng laman, ni sa kagustuhan ng lalaki kundi mula sa Diyos.

At naging laman ang Wikang-Salita, at itinayo ang kanyang Tolda sa atin, at nakita natin ang kanyang Luwalhati, Luwalhating mula sa Ama na bagay sa bugtong na Anak, lipos ng Kagandahang-loob at Katotohanan. Nagpapatunay sa kanya si Juan at isinisigaw: "Siya ang sinabi kong 'Nauna na sa akin ang dumating na kasunod ko, pagkat bago ako'y siya na.'" Mula sa kanyang kapuspusan nga tumanggap tayong lahat – oo, abut-abot na kagandahang-loob.

Sa pamamagitan ni Moises ibinigay ang Batas, sa pamamagitan naman ni Jesucristo dumating ang Kagandahang-loob at Katotohanan. Kailanma'y walang sinumang nakakita sa Diyos; ang Diyos na Anak na bugtong siyang nasa kandungan ng Ama – ang nagpahayag sa kanya.

DATE OF ESTABLISHMENT: 1981, Parokya ng Banal na Sakramento

Pagmamasiid

Gaano kahalaga sa akin ang kagandahang-loob at kabutihan?

Pagpahawi

Sa lahat ng tumanggap kay Jesus, sa pananalig sa kanyang Pangalan, binigyang-kakayahan Niya sila na maging mga anak ng Diyos. Ipinanganak sila,...mula sa Diyos...Sa pamamagitan ni Jesus, dumating ang Kagandahang-loob at Katotohanan.

Pagtatabas

Inaasahan ba sa atin ni Jesus ang kabutihang-loob at mabuting gawa bilang mga anak ng Diyos?

Pagsasaayos

Sa kalooban at pagmamahal ng Diyos, sa pangalan ni Jesus, tinawag tayong maging anak at larawan Niya sa mundo. Sa pagtatapos ng taon, magandang alalahanin kung naging tapat tayo sa pagtupad sa misyong ito. Ipinapaalala ng Ebanghelyo na maging mabuti at may malasakit sa kapwa, gaya ng itinuro ng Panginoon. Sa bawat araw na natatapos, lalo na sa huling araw ng taon, hinihimok tayong magnilay: Naipamalas ba natin ang kabutihan ng Diyos sa ating salita at gawa? Sa pagpasok ng bagong taon, dalangin nating magpatuloy sa pamumuhay na may awa, pag-unawa, at pananampalataya—hanggang sa huling sandali ng ating buhay.

Pagdiriwang

Makapangyarihang Diyos, salamat sa kakayahang maging mga anak Niyo. Tulungan Niyo kaming magampanan namin ang napakahalagang tungkulin ito.